



## من إصداراتنـا
## More Others





للمساهمة معنا في مشروع طباعة الكتب



www.ipc-kw.com

2444117 - 2427383 داخلي : 150

Fahad Salem St. Al-Mulla Saleh Mosque P.O.Box:1613 Safat 13017
Tel.: 2444117 - Fax: 2400057 e-mail:ipb@ipc-kw.com




# ANG TAHARAH AT ANG SALAH



# الطهارة والصلاة

تأليف
محمد سامسون سليمان إدريس


لجنة التعريف بالإسلام
ISLAM PRESENTATION COMMITTEE
جمعية النجاة الخيرية

36 × 280 = 10080

# الطهارة والصلاة


إعداد

مركز الدعوة والإرشاد بالزلفي

**شعبة توعية الجاليات**

**وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد**

المملكة العربية السعودية

بسم الله الرحمن الرحيم

# Ang Taharah at Ang Salah

## Inihanda nina

## Muhammad A. Samson
## at
## Sulaiman Idris Alojado

---

بسم الله الرحمن الرحيم

المملكة العربية السعودية
وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد
مكتب الدعوة والإرشاد بالزلفي
**شعبة توعية الجاليات**

الرقم: ١٢٥/ت٣
التاريخ: ٢٢/ ٥ /١٤١٤هـ
المشفوعات: رسوم توضيحية

بسم الله الرحمن الرحيم

فضيلة والدنا الشيخ: **محمد بن صالح العثيمين** حفظه الله

السلام عليكم ورحمة الله وبركاته، وبعد،

نرجوا من فضيلتكم جزاكم الله خيرا إعطاءنا رأيكم في حكم استخدام الرسومات التوضيحية المرفقة، والتي يهدف من وراءها إلى تعليم المسلمين الجدد طريقة الوضوء وحركات الصلاة وهل هناك محضور شرعي من إدراجها في كتابنا المزمع طبعه والخاص بأحكام وطريقة الصلاة وذلك باللغة الفلبينية ((التاجالوج)) . وقد عمدنا إلى أن تكون الرسومات بلباسهم المعتاد حتى لا يشكل عليهم فيظنوا أن الصلاة بلباسهم لا تجوز وذلك لو استخدمنا غيره. حيث أن هذا الكتاب سيطبع بلغة هؤلاء القوم فقط. سائلين الله القدير أن يجزل لكم الأجر والمثوبة إنه سميع مجيب. وصلى الله على محمد وآله وسلم.......

والسلام عليكم ورحمة الله وبركاته........

أخوكم

محمد بن مرزوق المعيتق

رئيس مجلس الإدارة

بسم الله الرحمن الرحيم
وعليكم السلام ورحمة الله وبركاته
جـ - اطلعت على الرسومات التي بصحبة
كتابكم في صفة الصلاة. ولا أرى فيها
بأساً لأن الرأس غير موجود فيها. وفقكم الله للخير ونفع بكم
كتبه محمد الصالح العثيمين في ٢٩/٥/١٤١٤هـ
محمد العثيمين

الزلفي ١١٩٣٢ - المنطقة الصناعية - ت: ٤٢٢٥٦٥٧ ٠٦ - فاكس: ٤٢٢٤٢٣٤ - ص.ب: ١٨٢

# المحتويات


| مسلسل | الموضـــوع | الصفحة |
|---|---|---|
| ١. | طريقة التلفظ | ٤ |
| ٢. | الطهارة | ٦ |
| ٣. | النجاسة | ٦ |
| ٤. | أحكام النجاسة | ٧ |
| ٥. | كيفية إزالة النجاسة | ٧ |
| ٦. | قضاء الحاجة | ٨ |
| ٧. | الوضوء والمسح على الخفين | ٩ |
| ٨. | كيفية الوضوء | ١٠ |
| ٩. | كيفية المسح على الخفين | ١٢ |
| ١٠. | مبطلات الوضوء | ١٢ |
| ١١. | أشياء لا تبطل الوضوء | ١٣ |
| ١٢. | طوارىء على الوضوء | ١٣ |
| ١٣. | الغسل | ١٣ |
| ١٤. | ما يحرم على الجنب | ١٤ |
| ١٥. | سنن الغسل | ١٤ |
| ١٦. | واجبات الغسل | ١٥ |
| ١٧. | أحكام أخرى حول الغسل | ١٥ |
| ١٨. | الحيض والنفاس والاستحاضة | ١٥ |
| ١٩. | ما يحرم أثناء الحيض والنفاس | ١٧ |
| ٢٠. | سنن الفطرة | ١٨ |
| ٢١. | التيمم | ١٨ |
| ٢٢. | طريقة التيمم | ١٩ |


# Mga Nilalaman


| | Ang mga Nilalaman | Ph. |
|---|---|---|
| 1. | Gabay sa Pagbigkas | 4 |
| 2. | Ang *Taharah* | 6 |
| 3. | Ang *Najasah* | 6 |
| 4. | Ilang Alituntunin Hinggil sa *Najasah* | 7 |
| 5. | Mga Paraan ng Pag-aalis ng *Najasah* | 7 |
| 6. | Paggamit ng Palikuran | 8 |
| 7. | Ang *Wudu`* at Pagpupunas sa Medyas | 9 |
| 8. | Pamamaraan ng Pagsasagawa ng *Wudu'* | 10 |
| 9. | Ang Pagpupunas sa Medyas | 12 |
| 10. | Ang mga Nakapagpapawalang-bisa sa *Wudu'* | 12 |
| 11. | Ang mga Bagay na Di-nakasisira sa *Wudu'* | 13 |
| 12. | Ang Walang Tigil na Pagkawala ng Bisa na *Wudu'* | 13 |
| 13. | Ang *Ghusl* | 13 |
| 14. | Ang mga Ipinagbabawal sa *Junub* | 14 |
| 15. | Kailan Kanais-nais ang *Ghusl* | 14 |
| 16. | Mga Kinakailangan sa Pagsasagawa ng *Ghusl* | 15 |
| 17. | Mga Tagubilin sa Pagsasagawa ng *Ghusl* | 15 |
| 18. | Ang *Hayd*, ang *Nifas*, at ang *Istihadah* | 15 |
| 19. | Mga Ipinagbabawal sa Panahon ng *Hayd* at *Nifas* | 17 |
| 20. | Ang *Sunanul Fitrah* | 18 |
| 21. | Ang *Tayammum* | 18 |
| 22. | Ang Pagsasagawa ng *Tayammum* | 19 |
| 23. | Ang *Salah* | 20 |
| 24. | Ang mga Oras ng *Salah* at Bilang ng *Rak'ah* | 20 |
| 25. | Ang *`Ibadat* at ang *Mu`amalat* | 21 |
| 26. | Bakit Kailangang Magsagawa ng *Salah* | 22 |
| 27. | Ang Kasuutan sa Pagsasagawa ng *Salah* | 23 |

٢٣. الصلاة ٢٠
٢٤. أوقات الصلاة وركعاتها ٢٠
٢٥. العبادات والمعاملات ٢١
٢٦. لماذا نصلي ٢٢
٢٧. اللباس في الصلاة ٢٣
٢٨. صلاة الفجر ٢٣
٢٩. صلاة المغرب ٢٨
٣٠. بقية الصلوات ٣١
٣١. أذكار الصلاة ٣٢
٣٢. مبطلات الصلاة ٣٧
٣٣. واجبات الصلاة ٣٧
٣٤. أركان الصلاة ٣٨
٣٥. سجود السهو ٣٨
٣٦. إدراك الصلاة ٤٠
٣٧. أنواع الصلاة ٤٠
٣٨. الصلوات المفروضة ٤٠
٣٩. السنن الراتبة ٤٠
٤٠. صلاة الجمعة ٤١
٤١. صلاة المسافر ٤٢
٤٢. جمع الصلاة وقصرها ٤٣
٤٣. كيف يتطهر المريض ٤٤
٤٤. كيف يصلي المريض ٤٥
٤٥. صلاة الجنازة ٤٦
٤٦. ترجمة معاني الأدعية. ٤٩

28 Ang *Salatul Fajr* 23
29. Ang *Salatul Maghrib* 28
30. Ang mga *Natitirang Salah* 31
31. Ang mga *Dhikr* Pagkatapos ng Limang *Salah* 32
32. Ang mga Nakasisira sa *Salah* 37
33. Ang mga *Wajib* (Obligado) na Gawain sa *Salah* 37
34. Ang mga *Rukn* (Saligan) ng *Salah* 38
35. Ang *Sujudus Sahw* 38
36. Ang Nahuli sa *Salah* 40
37. Mga Uri ng *Salah* 40
38. Ang *Fard* na *Salah* 40
39. Ang mga *Sunnah Ratibah* 40
40. Ang *Salatul Jum`ah* 41
41. Ang *Salah* ng *Musafir* 42
42. Ang Pagsasama at Pagpapaikli ng Mga *Salah* 43
43. Ang Pagsasagawa ng *Taharah* ng May-sakit 44
44. Ang Pagsasagawa ng *Salah* ng May-sakit 45
45. Ang *Salatul Janazah* 46
46. Ang mga Kahulugan ng mga Panalangin 49

# Gabay sa Pagbigkas

May ilang mga titik na Arabik na sadyang hindi namin binigyan ng katumbas dahil lubhang mahirap na matalos ng hindi marunong bumasa ng Arabik ang ipinagkaiba ng bigkas ng mga ito sa mga titik na kahawig ng mga ito sa bigkas. Kung maaari rin lamang ay aming iminumungkahing magpaturo ang sinumang gagamit nito ng wastong pagbigkas sa marunong ng wikang Arabik. Sa ating paglalahad, ang kombinasyon ng dalawang patinig ay hindi kumakatawan sa dalawang titik na pinagsama sa halip ito kamakatawan sa isang natatanging tunog na ating bibigyang linaw. Kaya ang katagang **adhintu**, halimbawa, ay **a-dhin-tu** ang bigkas at hindi **ad-hin-tu** sapagkat ang **dh** ay kumakatawan sa isang tanging tunog na walang kaugnayan sa titik **d o h.** Ang titik na dinoble -- maliban sa mga patinig -- ay kailangang bigkasin nang magkahiwalay. Halimbawa: ang bigkas ng **allaahumma** ay **al-laa-hum-ma.** Ang Patinig (*vowel*) sa wikang Arabik ay dalawang uri: maikli at mahaba.

### Maikling Patinig

**a** Ito ay katumbas ng "a" ng **a**bo at ng "a" ng d**a**mo.
**i** Ito ay katumbas ng "i" ng **i**kaw at ng "i" ng n**i**la.
**u** Ito ay katumbas ng "u" ng **u**lan at ng "u" ng b**u**sog.

### Mahabang Patinig

**aa** Ito ay katumbas ng "a" ng **a**kin at ng "a" ng b**a**go.
**ee** Ito ay katumbas ng "i" ng **i**haw at ng "i" ng p**i**so.
**oo** Ito ay katumbas ng "u" ng **u**lo at ng "u" ng p**u**so.

### Patinig at Simbolo

**j** Ito ay katumbas ng "j" ng **j**ack at hindi "j" ng Juan.
**z** Ito ay katumabas ng "z" ng **z**oo at hindi gaya ng "s".
**f** Ito ay katumbas ng "f" ng **f**an at hindi gaya ng "p".
**q** Ito ay kumakatawan sa titik *qaaf* ng wikang Arabik at kahawig ng "k". Wala itong katumbas sa Tagalog o English at ang wastong bigkas nito ay matututuhan sa pakikinig o pagpapaturo sa mga marunong nito.

**th** Ito ay katumbas ng "th" ng **th**in at hindi gaya ng "t" o "s".

**kh** Ito ay kumakatawan sa titik *khaa'* ng wikang Arabik at kahawig ng pinagsamang "k" at "h". Wala itong katumbas sa Tagalog o English at ang wastong bigkas nito ay matututuhan sa pakikinig o pagpapaturo sa marunong nito.

**dh** Ito ay katumbas ng "th" ng **th**at at hindi gaya ng "d" o "z".

**sh** Ito ay katumbas ng "sh" ng **sh**ip at hindi gaya ng "s".

**gh** Ito ay kumakatawan sa titik *ghayn* ng wikang Arabik at kahawig ng pinagsamang "g" at "h" at hindi gaya ng "g". Wala itong katumbas sa Tagalog o English at ang wastong bigkas nito ay matututuhan sa pakikinig o pagpapaturo sa marunong nito.

Ang simbolong ito ay kumakatawan sa titik *hamzah* ng wikang Arabik. Kapag ginamit ito sa loob ng salita o pantig, ito ay nagsisilbing tagapaghiwalay ng magkasunod na patinig o katinig. Halimbawa: ang bigkas ng **as'ilah** ay **as-ilah** at **hindi asilah**. Kapag ito ay ginamit sa hulihan ng salita o pantig, ito ay nagbibigay ng **impit na tunog** na katulad ng naririnig kapag binigkas ang "a" ng hiw**a** o ang
"i" ng tali o ang "o" ng lig**o**.

Ang simbolong ito ay kumakaṭawan sa titik **`ayn** ng wikang Arabik. Ito ay isang katinig na gagamitin natin sa umpia, gitna, at hulihan ng salita o pantig. Ang tunog nito ay gaya ng **impit na tunog** na may kariinan at karagsaan. Ang gamit nito ay gaya ng "'" na nabanggit sa itaas. Ang wastong bigkas nito ay matututuhan sa pakikinig o pagpapaturo sa marunong nito.



# Ang *Taharah*

Ang kahulugan ng *taharah* ay ang kinakailangang kalinisan o paglilinis bago magsagawa ng pagsamba. Ang tubig ang ginagamit sa pagsasagawa ng *taharah*. Ang tubig na ito ay maaaring galing sa ulan, niyebe, balon, bukal, batis, ilog, sapa, lawa, at dagat. Maaari ring gamitin ang tubig na *musta'mal** sa pagsasagawa ng *taharah*. Gayon din ang tubig na nahaluan ng isang bagay na *tahir* at nanatili at hindi nabago ang pagiging tubig. Ang *tahir* ay ang anumang bagay na hindi itinuturing ng Batas ng Islam na marumi o nakapagpaparumi. Ang tubig na nahaluan ng *najis***ay hindi puwedeng gamitin sa pagsasagawa ng *taharah* kapag nabago ng *najasah* ang lasa o amoy o kulay ng tubig. Kung wala namang naganap na mga nabanggit na pagbabago, maaari pa ring gamitin ang tubig sa pagsasagawa ng *taharah*. Puwede ring gamitin ang natirang tubig sa lalagyan pagkatapos inuman ito maliban sa ininuman ng aso at baboy sapagkat ang tubig na ito ay naging *najis* na.

## Ang *Najasah*

Ang *najasah* ay bagay na kailangang iwasan ng isang Muslim at hugasan kapag nakapitan nito. Kailangang hugasan ang damit at katawan kapag nadiitan o nakapitan ng *najasah* nang sa gayon ay maaalis ito. Kung ang *najasah* ay nakikita tulad halimbawa ng dugo, walang masama kahit may matira mang bakas na mahirap maalis matapos hugasan o labhan. Kung ang *najasah* ay hindi nakikita, sapat nang ito ay hugasan kahit isang beses lamang.

---

*Ang tubig na *musta`mal* ay ang tubig na nagamit sa pagsasagawa ng *taharah*. Bagaman ang *musta`mal* ay puwedeng gamitin, hindi ibig sabihin na ito na ang madalas na gagamitin; ginagamit lamang ito kapag kinapos ng tubig.

**Ang *najis* ay ang anumang bagay na nagtataglay o nagiging sanhi ng *najasah*. Ito ang kabaligtaran ng *tahir*.

## Ilang Alituntunin Hinggil sa *Najasah*

1. Kapag nakapitan ng isang bagay na hindi malaman kung ito ay *najis* o hindi, hindi na kailangang usisain pa ito o hugasan pa.
2. Kapag matapos magsagawa ng *salah* ay may nakitang *najasah* sa katawan o damit at hindi nalaman iyon bago magsagawa ng *salah* o nalalaman nga ngunit nakalimutan, ang *salah* ay tanggap pa rin.
3. Kung hindi makita sa isang bahagi ng damit ang *najasah*, kailangang labhan o hugasan ang bahaging iyon ng damit.
4. Ang lahat ng uri ng dugo ay *najis* pati na ang dugo ng regla (*hayd*) at pagdurugo ng bagong panganak (*nifas*). Ang dugo ng mga maliliit na insekto gaya ng langaw, surot, at iba pa ay hindi *najis*. Hindi nagiging *najis* ang kasuutan o bahagi ng katawan na natalsikan ng mga maliliit na patak ng dugo ng tao at hayop.
5. Ang dumi ng tao, ihi, nana, at suka ay *najis*.
6. *Najis* ang ihi at dumi ng hayop na ipinagbabawal kainin sa Islam.*
7. Ang *wady* at *madhy*** ay kapwa *najasah* na kailangang hugasan at labhan ang bahagi ng katawan at kasuutan na nakapitan nito. Ang *manee* (*semen*) ay *tahir* ngunit makabubuting hugasan kapag ito ay basa pa at kuskusin kapag tuyo na.

## Mga Paraan ng Pag-aalis ng *Najasah*

1. **Mula sa katawan at damit:** Hugasan ng tubig hanggang walang makitang marumi. Kung sakaling mahirap alisin ang lahat ng dumi at may bahagyang marka na maiiwan sa damit matapos

*Bagaman ang ihi at dumi ng hayop na ang laman ay pinahihintulutang kainin sa Islam ay hindi *najis*, itinatagubilin pa ring hugasan ang bahagi ng katawan at kasuutan na nakapitan nito.

**Ang *wady* ay likidong lumalabas sa ari ng tao: bata man o matanda at lalaki man o babae. Ito ay kulay puti na kadalasan ay malapot. Karaniwan itong lumalabas matapos umihi o magbuhat ng mabigat. Ang *madhy* ay likidong kadalasan ay malagkit at hindi malapot. Inilalabas ito ng lalaki at babae na nasa wastong gulang sa sandali ng matinding pagnanasang seksuwal.



labahan, ito ay puwede na. Ang halimbawa ng ganoong marka na nananatili ay ang mantsa ng mga nilabahang may dugo. (Kung hindi alam ang dahilan ng pagkabasa ng kasuutan lalo na sa gabi, hindi dapat mabahala o sumangguni pa tungkol dito.)

2. **Mula sa Lupa:** Ang lupang nagkaroon ng *najasah* ay magiging *tahir* kapag nabuhusan ng tubig. Nagiging *tahir* din ito kapag natuyo ang *najasah,* kung ang *najasah* na ito ay likido. Kung ang *najasah* ay solido, hindi magiging *tahir* ang lupa hanggang hindi ito naaalis.
3. **Mula sa Sapatos:** Linisin sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga suwelas ng sapatos sa lupa o sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga suwelas sa isa't isa hanggang sa walang makitang marumi.

## Paggamit ng Palikuran

1. Bago pumasok sa palikuran ay sabihin ang ***bismillaah, allaahumma innee a`oodhu bika minal khubthi wal khabaa'ith*** (بسم الله، اللهم إني أعوذ بك من الخبث والخبائث).* Unahin ang kaliwang paa sa pagpasok sa palikuran. Pagkalabas ay sabihin ang ***ghufraanak*** (غفرانك).** Unahin ang kanang paa sa paglabas sa palikuran.
2. Huwag magdala sa loob ng palikuran ng anumang bagay na may nakasulat na pangalan ni Allah maliban na lamang kung nangangambang mawawala kapag iniwan sa labas.
3. Huwag humarap o tumalikod sa *qiblah* (dakong kinaroroonan ng Ka`bah) kapag iihi o dudumi sa disyerto o ilang.
4. Takpan ang *`awrah* (Bahagi ng katawan na hindi dapat makita ng ibang tao maliban sa asawa) sa harap ng tao at huwag magpabaya sa bagay na ito. Ang *`awrah* ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod at ang sa babae naman ay ang kanyang buong katawan maliban sa kanyang mukha at kamay kapag nagsasagawa ng *salah*.

*Ang kahulugan: Sa ngalan ni Allah. O Allah, ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaki at mga babaeng demonyo.

**Ang kahulugan: Hinihingi ko po (Allah) ang Iyong kapatawaran.

5. Mag-ingat na madikitan ang katawan o kasuutan ng ihi o dumi.
6. Linisin ang sarili ng tubig matapos umihi o dumumi, o gumamit ng papel o bato at iba pang katulad nito sa pag-aalis ng bakas ng ihi at dumi kapag walang tubig. Ang kaliwang kamay ang gamitin sa paglilinis.
7. Kailangang panatilihin ang pagiging tahimik sa loob ng silid-palikuran. Maaaring magsalita kung kailangan na magbigay ng babala sa iba kung may panganib at iba pa;
8. Ang mga lugar na karaniwang ginagamit kagaya ng daan, tagpuang lugar o lugar na may lilim na kadalasa'y sinisilungan ng madla ay hindi dapat dumihan o ihian.
9. Mas mainam na huwag umihing nakatayo lalo na kung ang ihi ay baka tumalsik sa damit;
10. Kailangang maghugas ng kamay matapos gumamit ng silid-palikuran. Kung walang magamit na sabon, maaaring linisin ang mga kamay sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga ito sa lupa o sa buhangin.

## Ang *Wudu'* at Pagpupunas sa Medyas

### Ang *wudu'*

Hindi tanggap ang *salah* na walang *wudu'* ayon sa sabi ng Propeta (SAS)*: **"Hindi tatanggapin ni Allah ang salah ng sino man sa inyo kapag nawalan ng saysay ang kanyang *wudu'* hangga't hindi siya nagsasagawa ng *wudu'*."** Ang *wudu'* ay ang kinakailangang paghuhugas upang matanggap ang *salah*. Kailangan din ang *wudu`* kapag magsasagawa ng *tawaf* sa Ka`bah at kapag hihipuin ang talata ng Qur'an. Ang *tawaf* ay ang pag-ikot ng pitong beses sa Ka`bah. Ito ay bahagi ng rituwal ng *hajj* o *`umrah*.

---

*SAS: Sallallahu Alayhi was Sallam (Sumakanya Nawa ang Pagpapala at Kapayapaan ni Allah). Ito ang sinasabi tuwing matapos banggitin ang pangalan o titulo ni Propeta Muhammad.



### Pamamaraan ng Pagsasagawa ng *Wudu'*

Ang pagsasagawa ng *wudu`* ay kailangang ayon sa pagkasunod-sunod at tuloy-tuloy. Kailangan ding magtipid sa tubig sa pagsasagawa ng *wudu'*.

1. Isapuso ang hangarin na magsasagawa ng *wudu'* at huwag bigkasin. Sabihin ang ***bismillaah*** (بسم الله)*bago magsimula.
2. Hugasan ang mga kamay nang tatlong beses.
3. Magmumog at isinga ang tubig na ipinasok sa ilong. Gawin ang mga ito nang tigtatatlong beses.
4. Hugasan ang mukha nang tatlong beses hanggang sa magkabilang tainga at mula sa tinutubuan ng buhok sa noo hanggang sa dulo ng balbas pababa.
5. Hugasan nang tigtatatlong beses ang kamay at braso mula sa dulo ng daliri hanggang sa siko. Magsimula muna sa kanan at saka isunod ang kaliwa.
6. Ihaplos ang basang mga kamay mula sa tinutubuan ng buhok sa noo hanggang sa batok nito at ihaplos pabalik mula sa batok hanggang sa tinutubuan ng buhok sa noo.
7. Haplusin nang isang beses ang mga tainga sa pamamagitan ng pagpasok ng hintuturo sa harapan ng tainga habang pinadadaanan ng hinlalaki ang likod ng tainga.
8. Hugasan ang mga paa nang tatlong beses mula sa dulo ng mga daliri hanggang sa bukong-bukong. Magsimula muna sa kanan at saka isunod ang kaliwa.
9. Pagkatapos gawin ang mga nabanggit sa itaas, iminumungkahing bigkasin ang *shahadatayn*:


***ash'hadu al laa ilaaha illal laah, wahdahu la shareeka lah, wa ash'hadu anna muhammadar rasoolul laah.***

**( أشهد أن لا إله إلا الله وحده لا شريك له، وأشهد أن محمدا رسول الله )** **

---

*Ang kahulugan: Sa ngalan ni Allah. Ito rin ang sinasabi bago kumain.

**Ako'y sumasaksi na walang ibang diyos maliban kay Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. At ako'y sumasaksi rin na si Muhammad ay Sugo ni Allah.




**Paalaala:** Kinakailangang maabot ng tubig ang lahat ng bahagi ng katawan na kailangang hugasan sa *wudu'*. Kailangang alisin ang lahat ng mga bagay na nagsisilbing hadlang upang madaluyan ng tubig ang bahagi ng katawan na kailangang hugasan o pahiran. Ang halimbawa ng mga bagay na nagsisilbing hadlang ay ang mga bagay na tila *wax* gaya ng *cutex* sa kuko. Ito ay maaaring ilagay muli pagkatapos ng paghuhugas at hindi na kailangang alisin hanggang hindi kailangan ang panibagong *wudu'*. Ang isang kataliwasan (*exception*) sa ganitong kautusan ay ang bendahe na kapag inalis ay magiging sanhi ng hapdi o sakit o karamdaman o pagkaalintana ng paggaling. Sa ganitong situwasyon, ang pag-aalis ng molde o bendahe ay hindi na kailangan. Sa halip, maaaring ang ipanghalili ay ang pagpupunas nang bahagya ng basang kamay sa ibabaw ng bendahe. Ang isa pang kataliwasan (*exception*) ay ang pribilehiyo ng pagpupunas sa medyas, na ating tatalakayin mamaya *Insha' Allah*.



## Ang Pagpupunas sa Medyas

Bahagi ng kaluwagan at kagaanan ng Islam ay ang pagpapahintulot nitong punasan ang ibabaw ng suot na medyas sa halip na hubarin pa at hugasan ang paa. Ito ay napatunayang pinahintulutan ng Propeta (SAS) ngunit may kondisyon ang pagpupunas ng medyas: kailangang isuot ang medyas habang hindi pa nawawala ang bisa ng *wudu'*. Sa tuwing magsasagawa ng *wudu'*, sa halip na hugasan ang mga paa, ang ibabaw ng medyas ay papahiran na lamang ng basang palad at hindi na papahiran ang ilalim nito. Ang haba ng panahon na ipinahihintulot ang pagpapahid mula nang unang pahiran ang suot na medyas ay isang araw at isang gabi (24 oras) para sa hindi *musafir* (naglalakbay) at tatlong araw at tatlong gabi (72 oras) para sa *musafir* (naglalakbay). (Ang detalye ng tungkol sa *musafir* ay tatalakayin sa pahina 40.) Nawawala ang bisa ng pagpapahid kapag natapos na ang takdang panahon nito o kapag hinubad na ang mga medyas o kapag naging *junub* ang nagsuot ng medyas at kailangan nang hubarin ito para maligo. (Tingnan sa pahina 14 ang kahulugan ng *junub* at kung kailan nagiging *junub* ang isang tao.)

## Ang mga Nakapagpapawalang-bisa sa *Wudu'*

Ang lahat ng lumalabas sa dalawang butas sa ibaba ng katawan – ang labasan ng ihi at ang labasan ng dumi – gaya ng ihi, dumi, utot, *manee*, *madhy*, at *wady*. Kapag *manee* (*semen*) na ang lumabas, kailangan nang magsagawa ng *ghusl* (Tingnan sa pahina 13 ang kahulugan ng *ghusl*.). Ang mga sumusunod ay nakasisira rin sa *wudu'*:

1. Pagkatulog nang mahimbing,
2. Paghawak sa ari na hindi nahahadlangan ng anumang kasuutan,
3. Pagkain ng karne ng kamel,
4. Pagkawala ng malay,
5. Pagsuka.

## Mga Bagay na Di-nakasisira sa *Wudu'*

1. Ang paghawak ng isang lalaki sa babae o ng babae sa lalaki,
2. Ang pag-agos ng dugo (hindi marami) sa oras ng pagdarasal,
3. Ang pagdududa kung nawalan na ng bisa ang huling ginawang *wudu'* ay hindi nakakasira sa *wudu'* kaya't hindi na kailangang muling magsagawa ng *wudu'*.

## Ang Walang Tigil na Pagkawala ng Bisa ng *Wudu'*

Dahilan sa karamdaman, maaaring hindi makayanang pigilin ng isang tao ang paglabas sa kanyang katawan ng mga bagay na nakasisisra sa *wudu'* gaya ng ihi o utot. Kahit sa oras ng pagdarasal ay maaaring hindi niya mapigilan ang paglabas ng mga ito. Ang pangkalahatang kautusan sa ganitong situwasyon ay kinakailangang linisin niya ang kanyang sarili at magsagawa kaagad ng *wudu'* tuwing bago magsagawa ng *salah*. Ang hindi mapigilang paglabas matapos isagawa ang *wudu'* ay mapapatawad kung ang dahilan ay ang karamdaman.

# Ang *Ghusl*

Ang *ghusl* ay ang paghuhugas o pagpaligo ng lahat ng bahagi ng katawan kalakip na rito ang pagmumumog at pagsinga sa tubig na ipinasok sa ilong. Nagiging sapilitan ang *ghusl* kapag nangyari ang isa sa limang ito:

1. Kapag nakipagtalik. Itinuturing nang pagtatalik ang pagpasok ng kahit dulo man lamang ng ari ng lalaki sa puwerta ng babae kahit wala pang aktuwal na pagtatalik o paglabas ng *manee*;
2. Kapag lumabas ang *manee* dahilan sa pagnanasa, kagalakang seksuwal, *wet dream*, at anupamang kadahilanan;
3. Kapag nanaginip na nakikipagtalik at nang magising ay may nakitang lumabas na *manee*, kailangang magsagawa ng *ghusl*. Ngunit kung wala namang nakitang lumabas na *manee*, hindi na sapilitan ang *ghusl*;
4. Kapag tumigil ang regla (*hayd*) o pagdurugo matapos manganak (*nifas*).



Ang unang tatlong nabanggit na kalagayan na sapilitan ang *ghusl* ay tinatawag na *janabah* at ang babae o lalake na nasa ganitong kalagayan ay tinatawag na *junub* o taong nasa kalagayan ng *janabah*. Ang babae nasa sandali ng pagreregla (*hayd*) o pagdurugo sanhi ng panganganak (*nifas*) ay *junub* din. Mawawala lamang ang pagiging *junub* matapos na magsagawa ng *ghusl*.

5. Kapag namatay ang isang Muslim ay kailangang paliguan siya;
6. Kapag pumasok sa Islam ang isang di-Muslim.

## Ang mga Ipinagbabawal sa *Junub*

1. Ang paghawak at pagdadala ng kopya ng Qur'an at ganoon din ang pagbigkas ng talata buhat sa Qur'an – may tunog man o walang tunog, buhat sa memorya man o direktang pagbabasa mula sa Qur'an;
2. Ang pananatili sa loob ng Masjid ngunit ang pagdaan sa loob nito ay wala namang masama;
3. Ang pagsasagawa ng *salah* at *tawaf*.

Gayon pa man, maaaring hawakan o dalhin ang ibang mga aklat na naglalaman ng mga talata ng Qur'an. Samakatuwid, hindi kabilang sa ganitong pagbabawal ang mga aklat ng komentaryo ng Qur'an o mga aklat sa Batas ng Islam o ano pa mang aklat na may sipi buhat sa Quran. Dala ng pangangailangan, ang gurong babae o estudyanteng babae na nasa sandali ng pagreregla ay maaaring bumasa ng Qur'an kapag nagtuturo o nag-aaral ng Qur'an.

## Kailan Kanais-nais ang *Ghusl*

Ang *ghusl* ay hindi lamang sapilitan sa ilang mga pagkakataon, ito ay lubhang kanais-nais din na gawin sa mga sumusunod:

1. Kapag dadalo sa *salatul jum'ah* (pagdarasal sa Masjid tuwing Biyernes),
2. Kapag natapos sa pagpapaligo ng patay,
3. Bago magsuot ng *ihram* para magsagawa ng *umrah* o *hajj*.

### Mga Kinakailangan sa Pagsasagawa ng *Ghusl*

May dalawang kinakailangan lamang sa pagsagawa nito. Una, kailangang may hangarin bago isagawa ito, at hindi na kailangan na bigkasin pa ang hangarin. Pangalawa, kailangang padaluyan ng tubig ang lahat ng bahagi ng katawan, magmumog, maglinis ng ilong sa pamamagitan ng pagpapasok ng tubig sa loob nito at pagsinga. Para sa babae na magsasagawa ng *ghusl*, hindi na kailangang kalagin pa ang pagkatarintas ng mga buhok.

### Mga Bagay na Kanais-nais sa *Ghusl*

Sa pagsasagawa ng *ghusl*, sundin ang mga sumusunod na pamamaraan ng paglilinis sa mga bahagi ng katawan na ginawa noon ng Propeta (SAS):

1. Hugasan ang dalawang kamay.
2. Hugasan ang maselang bahagi ng katawan.
3. Magsagawa ng *wudu'* (ngunit huwag nang hugasan ang paa).
4. Buhusan nang tatlong beses ang ulo at kuskusin ang buhok at hayaang dumaloy ang tubig upang maabot ang mga puno ng buhok.
5. Buhusan ng tubig ang kanang bahagi ng katawan at saka isunod ang kaliwa.

### Mga Tagubilin sa Pagsasagawa ng *Ghusl*

1. Hindi na kailangang magsagawa ng *wudu'* matapos maligo kahit na ang *wudu'* ay hindi isinagawa mula sa simula.
2. Maliban sa kabiyak, kailangan ay huwag maghubad o maligo ang isang Muslim sa harap ng iba.

## Ang *Hayd*, ang *Nifas* at ang *Istihadah*

### 1. Ang *Hayd*

Ang *hayd* ay ang buwanang dalaw o regla. Ito ay maaaring magkakaiba sa mga kulay. Ito ay maaaring kulay **pula, matingkad na pula, dilaw** o maaari ring **walang kulay**. Kung mayroong kulay dilaw o walang kulay na likidong umaagos sa ano mang oras maliban pa sa regular na buwanang dalaw, ito'y hindi maituturing na *hayd*. Walang pinakamaikli o pinakamahaba na panahon ng *hayd*. Ang bawat babae ay magkakaiba.



### 2. Ang *Nifas*

Ang *nifas* ay ang pagdurugong bunga ng pagdadalang-tao na maaaring lumabas bago, habang, at matapos magsilang. Walang pinakamaikling panahon ng *nifas*. Ngunit may mga pangyayaring ang pagdurugo matapos ng panganganak ay tumitigil kaagad. Kapag nagkaganoon, ang babae ay wala na sa katayuan ng *nifas*. Maaari na siyang maligo at magpatuloy sa kanyang pagdarasal o pag-aayuno kung ito ay buwan ng Ramadan. Ayon sa karamihan ng mga Hukom, ang pinakamatagal na panahon ng *nifas* ay apatnapung araw. Samakatuwid, kahit na ang pagdurugo dahil sa panganganak ay patuloy pa rin pagkatapos ng apatnapung araw, ang babae ay hindi na maituturing na nasa katayuan ng *nifas*.

### 3. Ang *Istihadah*

May mga babae na bagaman hindi panahon ng kanilang *hayd* (buwanang dalaw) o *nifas* ay dinudugo pa rin. Ang ganitong uri ng pagdurugo na hindi *hayd* o *nifas* ay tinatawag na *istihadah*. Sa ganitong uri ng pagdurugo, kailangang huwag ihinto ng isang babae ang kanyang *salah* o pag-aayuno. Maaari niyang maitakda ang panahon ng kanyang *hayd* o *nifas* sa pagbatay sa tatlong paraan ng pagtatakda na ilalahad sa ibaba.

**a)** Kung alam ng isang babae ang dating pangkaraniwan o regular na bilang ng araw ng kanyang *hayd* (regla), kailangang gawin niya itong pamantayan ng kanyang pagreregla. Matapos ang bilang ng mga araw na yaon (kahit may pagdurugo pa), siya ay kailangan nang maligo at magdasal. At kung ito'y buwan ng Ramadan, kailangang ipagpatuloy niya ang kanyang pag-aayuno.

**b)** Kung hindi niya alam ang bilang ng araw ng kanyang buwanang dalaw (regla) subalit kanyang nakikilala ang buwanang pagdurugo sa ibang pagdurugo, kailangang ibilang niya ang

karagdagang pagdurugo na hindi buwanang dalaw. Kaya matapos niyang makilala na ang uri ng pagdurugo ay regla (kadalasa'y itim ang kulay), pagkatapos tumigil nito, kailangang maligo na siya at ipagpatuloy ang pagdarasal. Sa ganitong pagkakataon, ang paligo sa bawat *salah* ay hindi na kailangan; ang *wudu'* ay sapat na.

k) Kung ang isang babae ay hindi kabilang sa alin man sa dalawang kategorya sa itaas, kailangang gawin niya ang regular na paligo sa pamamagitan ng paghahambing ng kanyang buwanang dalaw sa buwanang dalaw ng kanyang malapit na mga kamag-anak gaya ng kanyang ina o kapatid. At maaari rin niyang maibilang ang unang anim o pitong araw nang pagdurugo bilang kanyang regular na buwanang dalaw at pagkatapos nito ay saka siya maligo at ipagpatuloy ang *salah* at ang pag-aayuno kung ito'y buwan ng Ramadan. *

## Mga Ipinagbabawal sa Panahon ng *Hayd* at *Nifas*

1. Ang pagsasagawa ng *salah*. (Hindi na rin kailangang bayaran pa sa ibang mga araw.);
2. Ang pag-aayuno. (Subalit sa pagkakataong ito ay kailangang kanyang bayaran ang araw o mga araw na hindi niya napag-ayunuhan.);
3. Ang pagsasagawa ng *tawaf* sa Kaba'h.;
4. Ang pagbasa o paghawak ng Qur'an;
5. Ang pakikipagtalik. (Ang ibang mga gawain na hindi humahantong sa pagpasok ng maselang bahagi ng lalaki sa maselang bahagi ng babae ay pinahihintulutan, kahit pa iyon ay maging daan sa paglabas ng semeno. Kung tumigil na ang pagreregla o pagdurugo ng bagong panganak, ang babae ay kailangang maligo muna bago makipagtalik sa kanyang asawa.)

*Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa paksang ito ay mangyaring sumangguni lamang sa isa pa nating aklat na pinamagatang *Ang Aklat Para sa Babaeng Muslimah.*



## Ang *Sunanul Fitrah*

Ang sunanul fitrah bagaman hindi sapilitan, ito ay maituturing na gawaing kanais-nais. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang pagtutuli. Ang karamihan sa mga hukom ay naniniwala na ito ay sapilitan sa mga lalaking Muslim;
2. Ang pag-aalis ng buhok sa maselang bahagi ng katawan (*pubic hair*). Ito ay para sa kapuwa babae at lalaki;
3. Ang pag-aalis ng buhok sa kilikili. Ito ay para sa kapuwa babae at lalaki;
4. Ang pagpuputol sa mahabang kuko. Ito ay para sa kapuwa babae at lalaki;
5. Ang pagpuputol sa mahabang bigote ngunit hindi naman kailangang ahitin pa;
6. Ang pagpapahaba ng balbas;
7. Ang pag-aayos ng buhok. Hindi dapat na ahitin ang isang bahagi lamang at itira ang ibang bahagi;
8. Ang pag-iwas sa pag-aalis ng puting buhok sa ulo o sa balbas;
9. Ang pag-iwas sa pagkukulay ng itim sa puting buhok;
10. Ang paggamit ng mga mababangong bagay gaya ng pabango, lalo na ang langis ng *musk*.*

## Ang *Tayammum*

Ipinahihintulot ang *tayammum* sa di-naglalakbay at sa naglalakbay. Ito ay pamalit sa *wudu'* o *ghusl* kapag ang isa man lamang sa mga sumusunod na kadahilanan ay lumitaw:

1. Kapag walang makitang tubig matapos ang masidhing paghahanap o kung mayroon man ay hindi sapat para sa *wudu'* o *ghusl* o bagaman malapit ang pinagkukunan ng tubig ay nangangambang baka may masamang mangyari sa sarili o sa ari-

* Hindi pinahihintulutan ang babae na gumamit ng pabango kung siya ay lalabas sa kanyang pamamahay o pupunta sa isang lugar na may maraming mga lalaki. Maaari lamang siyang gumamit nito kung siya ay nasa harap ng kanyang asawa at mga lalaking kailan man ay hindi niya maaaring maging asawa gaya ng ama, lolo, anak, kapatid, at iba pa.

arian kapag umalis at kumuha ng tubig;

2. Kapag may sugat ang bahagi ng katawan na kailangan ng *wudu'* o *ghusl*, ito ay huhugasan pa rin ng tubig. Subalit kung ang paghuhugas ng tubig sa sugat ay makasasama, papahiran na lamang ang sugat: babasain ang kamay at hahaplusin nito ang sugat. Kung ang pagpapahid ay makasasama pa rin, magsasagawa na ng *tayammum* para rito. Ibig sabihin ay magsasagawa muna ng *wudu'* – huhugasan ang maaaring hugasan – at ang bahagi na hindi maaaring hugasan o pahiran ay hahayaan at pagkatapos ng *wudu'* ay magsasagawa ng *tayammum*;

3. Kapag ang tubig o ang klima ay lubhang malamig at nangangambang ang paggamit ng tubig ay baka makapinsala; at

4. Kung may tubig man ngunit ito ay lubhang kailangan para sa inumin, maaari na ang *tayammum*.

## Ang Pagsasagawa ng *Tayammum*

1. Isapuso ang hangaring magsasagawa ng *tayammum*.
2. Bigkasin ang ***bismillaah*** (بسم الله).
3. Itapik nang isang beses ang mga palad sa tuyong lupa.*
4. Ihaplos nang isang beses ang mga palad sa mukha.
5. Ihaplos ang kaliwang palad sa kanang kamay at ihaplos naman ang kanang palad sa kaliwang kamay nang tig-iisang beses lamang.

Ang nakasisira sa *tayammum* ay ang nakasisira rin sa *wudu'*. Nawawala ang bisa ng *tayammum* kapag ang mga hadlang sa pagsasagawa ng *wudu'* at *ghusl* ay nawala.

*Maliban sa tuyong lupa, maaari rin ang kahit anong bagay na may alikabok gaya ng pader, dingding, bato, buhangin, at iba pa.



# Ang *Salah*

1. Ang *salah* ang ikalawang haligi sa limang haligi ng Islam. Ito ay tungkuling dapat gampanan ng bawat Muslim at Muslimah na nasa wastong gulang (15 taon pataas) at may wastong pag-iisip. Ang tumalikod sa pagsagawa ng *salah* ay maituturing na hindi Muslim ayon sa nagkakaisang hatol ng mga pantas ng Islam. Sa lahat ng gawa ng tao, ang kanyang pagsasagawa ng *salah* ang una niyang pananagutan sa Araw ng Paghuhukom.

2. Ang *salah* sa *jama`ah* (kongregasyon) sa Masjid ay obligasyon ng mga kalalakihan. Ang limang *salah* sa araw at gabi ay ang *salah* sa *fajr* (madaling araw), *salah* sa *dhuhr* (tanghali), *salah* sa *`asr* (hapon), *salah* sa *maghrib* (paglubog ng araw), at *salah* sa *`isha'* (gabi). Itinatagubilin sa isang Muslim na pumunta sa Masjid nang panatag at mahinahon at itinatagubilin ding magsagawa ng dalawang *rak`ah* na *salah* na kung tawagin ay *salah* ng pagbati sa Masjid bago maupo.

3. Kailangang takpan ang *awrah* sa pagsasagawa ng *salah*. Ang pagharap sa *qiblah* ay isa rin sa kondisyon upang matanggap ang *salah*.

4. Kailangang isagawa ang *salah* sa takdang oras nito anupa't hindi tanggap ang *salah* na isinagawa bago sumapit ang takdang oras nito. Ipinagbabawal ang pagpapahuli sa pagsagawa ng *salah* sa takdang oras nito.

5. Kailangan na isagawa ng isang Muslim ang *salah* nang may kapanatagan at kababaang-loob.

## Ang mga Oras ng *Salah* at Bilang ng *Rak`ah*

*Ang takdang oras ng *dhuhr* ay nagsisimula pagkatapos na pagkatapos ng tanghaling tapat hanggang sa ang anino ng isang bagay ay bago maging kasinghaba nito. Ang *salah* na ito ay binubuo ng 4 *rak`ah*.

*Ang takdang oras ng *`asr* ay nagsisimula kapag ang anino ng isang bagay ay kasinghaba na nito hanggang sa bago lumubog ang araw. Ang *salah* na ito ay binubuo ng 4 *rak`ah*.

*Ang takdang oras ng *maghrib* ay nagsisimula kapag lumubog na ang araw hanggang sa bago maglaho ang takipsilim o pamumula sa langit na siyang resulta ng paglubog ng araw. Ang *salah* na ito ay binubuo ng 3 *rak`ah*.

*Ang takdang oras ng *`isha'* ay nagsisimula kapag naglaho na ang takipsilim hanggang sa bago maghatinggabi.Ang *salah* na ito ay binubuo ng 4 *rak`ah*.

*Ang takdang oras ng *fajr* ay nagsisismula sa pagsapit ng madaling araw hanggang sa bago sumikat ang araw. Ang *salah* na ito ay binubuo ng 2 *rak`ah*.

## Ang `Ibadat at ang Mu`amalat

Ang mga gawain sa Islam ay nahahati sa dalawang pangunahing uri: ang *`Ibadat* at ang *Mu`amalat*. Ang *`Ibadat* ay ang mga rituwal at tungkulin na may kinalaman sa pagsamba na katulad ng *Salah*, *Zakah*, *Sawm*, at *Hajj*. Ang *Mu`amalat* (Pakikitungo) ay sumasaklaw naman sa mga gawain sa buhay na may kaugnayan sa pakikitungo ng isang tao sa kanyang kapwa tao, pamilya, lipunan, at Sambayanang Muslim sa pangkalahatan, maging ito man ay may kinalaman sa pulitika o ekonomiya o kultura o batas, o mga alituntunin sa moralidad, maging pambansa man o pandaigdigan. Ang *Mu`amalat* kapag ginagampanan para sa pagsunod sa batas ni Allah ay magiging isang uri na rin ng pagsamba sa pangkalahatang kahulugan.. Hindi ilalahad ng aklat na ito ang buong detalye ng *Mu`malat*. Para sa detalyadong kaalaman hinggil sa *Mu`amalat*, mangyaring sumangguni sa isang Muslim na pantas (*scholar*) na mapagkakatiwalaan ang kanyang karunungan sa Islam o sa isang aklat na tumatalakay sa mga batas ng Islam.



## Bakit Kailangang Magsagawa ng Salah

Marami at malawak ang mga dahilan ngunit ito ang ilan:

1. Sapagkat ang pagsasagawa ng *salah* ay isa sa mga pinakadakilang uri ng pagsamba sa Kanya na ibig Niyang gawin natin.
2. Bilang pagpapasalamat natin sa Kanya dahil nilalang Niya tayo sa pinakamataas na antas.
3. Dahil Kanya tayong pinatnubayan sa Islam.
4. Nang sa gayon ito'y magsilbing isang pagkakataon para sa ating mga Muslim upang maiparating natin sa Kanya ang ating mga nararamdaman at pangangailangan.
5. Bilang paggunita sa Kanya upang hindi natin Siya malimutan at hindi rin natin malimutan ang mga ipinag-uutos Niya sa atin dito sa ating pansamantalang buhay sa mundo.
6. Upang tayo'y manalangin sa Kanya na nawa'y tulungan at patnubayan Niya tayo sa tuwina sa mga dumarating na mga pagsubok sa ating buhay.
7. Upang maging matatag ang ating pagmamahal at takot sa Kanya nang sa gayon ay manatili tayo sa pagiging matuwid at masunurin sa mga katuruan ng Islam gaya halimbawa ng mga batas nito at kagandahang asal na itinuturo nito.
8. Upang ang ating *salah* ay magsilbing mabuting gawain na sa pamamagitan nito ay pagtatakpan Niya ang ating mga nagawang kasalanan.
9. Upang paghandaan natin ang Araw ng Paghuhukom, ang araw na atin Siyang makakatagpo, upang makamit natin ang mga magagandang gantimpalang ikagagalak natin at nararapat para sa atin na inihanda Niya alang-alang sa atin: ang Hardin ng kaligayahan na walang hanggan.
10. Ang *salah* ay isang gawain na kung pagbubutihin lamang ang pagtupad nito ay makapagbibigay ng kapakinabangan sa ating mga Muslim: pangpisikal, pangmoralidad, at pang-ispirituwal. Itinataguyod din nito ang kalinisan, kalusugan, kaayusan,

disiplina, kapatiran, pagkapantay-pantay, panlipunang pagkabuklod-buklod, at marami pang iba.

### Ang Kasuutan sa Pagsasagawa ng Salah

Ang kasuutan ng lalake ay kahit matakpan man lamang ang bahagi ng katawan mula sa pusod hanggang sa tuhod. Kailangan din na mayroong takip ang mga balikat. Kailangang balot ang babae mula sa ulo hanggang sa paa, maliban sa mukha at kamay. Hindi rin katanggap-tanggap ang *salah* kapag ang suot na damit ay manipis at naaaninag ang katawan. Dapat ding iwasan ang masisikip na kasuutan na nagpapakita ng hubog ng katawan.

# Paalala

Upang mabigkas nang tama ang mga talata ng Qur'an at mga salitang Arabik, kinakailangang sumangguni sa isang mapagkakatiwalaang Muslim na bihasang magsalita o bumigkas ng wikang Arabik. Ang pagkakasulat sa ibaba ng mga salitang Arabik at mga talata ng Qur'an sa mga letrang Ingles ay upang maging madali ang pagbigkas at pagkabisa ng mga ito. Bago simulan ang susunod na paksa ay mangyaring repasuhin muna ang ***Gabay sa Pagbigkas*** na nasa pahina 4 ng aklat na ito.

## Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng *Salah*

## *Salatul Fajr*

1. Tumindig at iharap sa *qiblah* ang buong katawan nang walang paglihis o paglingon. Habang nakatayo ay palaging iyuko ang ulo at itutok ang paningin sa bahagi ng lapag na pagpapatirapaan ng noo.
2. Isagawa ang *takbeeratul ihraam* o panimulang *takbeer* at ito ay sa pamamagitan ng pagsabi ng ***Allaahu akbar*** (الله أكبر) habang



itinataas nang pantay sa balikat o tainga ang mga kamay na nakabukas. (larawan 1)
3. Ilagay ang mga kamay sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa. (larawan 2)
4. Bigkasin nang tahimik ang *istiftaah* o ang pagsabi ng ***subhaanakal lahumma wa bihamdika wa tabaarakasmuka wa ta`aalaa jadduka wa laa ilaaha ghayruk***.

(سبحانك اللهم وبحمدك وتبارك اسمك وتعالى جدك ولا إله غيرك.)

5. Bigkasin nang tahimik ang *isti`adhah* o ang pagsabi ng ***a`oodhu billaahi minash shaytaanir rajeem.***

أعوذ بالله من الشيطان الرجيم

6. Bigkasin ang *sooratul-fatihaah*.

***1. bismillaahir rahmaanir raheem***
***2. alhamdu lillaahi rabbil `aalameen***
***3. arrahmaanir raheem***
***4. maaliki yawmid deen***
***5. iyyaaka na`budu wa iyyaaka nasta`een***
***6. ihdinas siraatal mustaqeem***
***7. siraatal ladheena an`amta `alayhim ghayril maghdoobi `alayhim wa lad daal leen.***

بسم الله الرحمن الرحيم

الحمد لله رب العالمين ۝ الرحمن الرحيم ۝ مالك يوم الدين ۝ إياك نعبد وإياك نستعين ۝ إهدنا الصراط المستقيم ۝ صراط الذين أنعمت عليهم ۝ غير المغضوب عليهم ولا الضالين ۝

7. Bumigkas ng kahit anong talata buhat sa Qur'an na madali sa iyo. Heto ang halimbawa ng maiikling surah buhat sa Qur'an:

***bismillaahir rahmaanir raheem***
***1. qul huwal laahu ahad,***

*2. allaahus samad,*
*3. lam yalid wa lam yoolad,*
*4. wa lam yakul lahoo kufuwan ahad.*

بسم الله الرحمن الرحيم

قل هو الله أحد ۝ الله الصمد ۝ لم يلد ولم يولد ۝ ولم يكن له كفوا أحد ۝

Ang iba pang maiikling mga talata ng Qur'an ay matatagpuan sa pahina 35 ng aklat na ito. *

8. Sabihin ang ***Allaahu akbar*** (الله أكبر) habang itinataas nang pantay sa balikat o tainga ang mga nakabukas na kamay at saka iyukod ang ulo kasama ng katawan at ilagay sa tuhod ang mga kamay na nakabuka ang mga daliri. Ang katawan ay nakayukod nang tuwid habang nakahawak ang dalawang kamay sa mga tuhod. (larawan 1-3) Habang nakayukod ay sabihin nang tatlong beses ang ***subhaana rabbiyal `adheem.*** (سبحان ربي العظيم)

9. Habang ibinabangon ang ulo at katawan buhat sa pagkakayukod, ang sinasabi ay ***sami` Allaahu liman hamidah*** (سمع الله لمن حمده) kung ang nagsasagawa ng *salah* ay nag-iisa o siya ang Imam sa *salah,* at ang sinasabi naman ay ***rabbana wa lakal hamd*** kung ang nagsasagawa ng *salah* ay sumusunod sa Imam. At habang ibinabangon ang ulo at katawan, ang mga kamay ay ipinapantay sa balikat o tainga at saka inilalagay sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa (larawan 1-2).

10. Habang nakatayo, ang sinasabi ay ***rabbanaa wa lakal hamd, mil'as samawaati wa mil'al ardi wa mil'a maa shi'ta min shay'im***

---

*Kapag nagsasagawa ng *salah* na kasama ng Imam (nangunguna sa *salah*), huwag nang bumigkas ng kahit anong talata ng Qur'an. Sapat na lamang na bigkasin nang tahimik ang *suratul fatihah* matapos na ito ay bigkasin ng Imam.



***ba`d*** (ربنا ولك الحمد ملء السموات وملء الأرض وما شئت من شيء بعد) kung ang nagsasagawa ng *salah* ay nag-iisa o siya ang Imam sa *salah,* at ang sinasabi naman ay ***mil'as samawaati wa mil'al ardi wa mil'a maa shi'ta min shay'im ba`d*** kung ang nagsasagawa ng *salah* ay sumusunod sa Imam.

11. Magpatirapa habang sinasabi ang ***Allaahu akbar*** (الله أكبر). Sa pagpapatirapa, ang pitong bahagi ng katawan ay nakadiit sa lapag: ang noo kasama ng ilong, mga palad, mga tuhod, at dulo ng dalawang paa. Ilayo sa gilid ng katawan ang braso. Iharap ang dulo ng mga daliri ng paa at kamay sa *qiblah*. Habang nakapatirapa ay sabihin nang tatlong beses ang ***subhaana rabbiyal a`laa*** (larawan 4) (سبحان ربي الأعلى).

12. Habang inaangat ang ulo at katawan ay sabihin ang ***Allaahu akbar*** (الله أكبر) at maupo nang pag-upong tinatawag na *iftirash.** Habang nakaupo, ang kanang kamay ay nakalagay sa dulo ng kanang hita sa tabi ng tuhod, at nakakuyom ang mga daliri maliban sa hintuturo na nakaturo habang pinagagalaw. Ang nakabukas na kaliwang kamay naman ay ilagay sa dulo ng kaliwang hita sa tabi ng tuhod. (larawan 5-6-7) Habang nakaupo sa nabanggit na ayos ay sabihin ang ***rabbighfir lee warhamnee wahdinee warzuqnee wajburnee wa `aafinee.***

(ربي اغفر لي وارحمني واهدني وارزقني واجبرني وعافني)

13. Muling magpatirapa habang sinasabi ang ***Allaahu akbar.*** Habang nakapatirapa ay sabihin nang tatlong beses ang ***subhaana rabbiyal a`laa.*** (larawan 4)

14. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa ay tumayo upang simulan ang ikalawang *rak`ah* at tumindig ng tuwid. Habang

---

*Ang pag-upong *iftirash* ay ganito: maupo sa kaliwang paa na nakahiga at ang mga daliri nito ay nakaturo sa gawing kanan samantalang ang kanang paa ay nakatukod. Tingnan ang larawan 7.

tumatayo ay binibigkas ang *Allaahu akbar* (الله أكبر). Dito nagtatapos ang unang *rak`ah* o yunit ng *salah*.

15. Kapag nakatayo na ay isagawa ang ikalawang *rak`ah* tulad ng ginawa at sinabi sa unang *rak`ah* ngunit huwag nang sabihin ang *istiftaah* at *isti`aadhah*. Sa madaling salita, muling gawin ang ginawa mula sa bilang (6) hanggang sa katapusan ng bilang (13). Sa bilang ay (7) mas mainam na bumigkas ng bahagi ng Qur'an na iba kaysa unang binigkas kung mag-isang nagsasagawa ng *salah* o kung *Imam* sa *salah*.

16. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikalawang *rak`ah* ay sabihin ang ***Allaahu akbar*** habang itinataas ang katawan at ulo at manatiling nakaupo nang pag-upong *iftirash*. Bigkasin nang tahimik ang una at ikalawang *tashahhud*. Unang *Tashahhud*:

***attahiyaatu lillaahi was salawaatu wat tayyibaat, assalaamu `alayka ayyuhan nabeeyu wa rahmatullaahi wa barakaatuh, assalaamu `alaynaa wa `alaa `ibaadil lahis saaliheen, ash'hadu allaa ilaaha illallaah, wa ash'hadu anna muhammadan `abduhu wa rasooluh.***

التحيات لله والصلوات والطيبات. السلام عليك أيها النبي ورحمة الله وبركاته. السلام علينا وعلى عباد الله الصالحين. أشهد أن لا إله إلا الله وأشهد أن محمدا عبده ورسوله.

Ikalawang *Tashahhud*:

***Allaahumma salli `alaa muhammadin wa `alaa aali muhammad, kamaa sallayta `alaa ibraaheema wa `alaa aali ibraaheem, innaka hameedum majeed, wa baarik `alaa muhammadin wa `alaa aali muhammad, kamaa baarakta `alaa ibraaheema wa `alaa aali ibraaheem, innaka hameedum majeed. a`oodhu billaahi min `adhaabi jahannama wa min `adhaabil qabri wa min fitnatil mahyaa wal mamaat, wa min fitnatil maseehid dajjaal.****

*Pagkatapos ng ikalawang *tashahhud* ay maaaring manalangin nang tahimik.



اللهم صل على محمد وعلى آل محمد. كما صليت على إبراهيم وعلى آل إبراهيم إنك حميد مجيد. وبارك على محمد وعلى آل محمد كما باركت على إبراهيم وعلى آل إبراهيم إنك حميد مجيد. أعوذ با لله من عذاب جهنم و من عذاب القبر و من فتنة المحيا و الممات و من فتنة المسيح الدجال

17. Isagawa ang *tasleem* sa pamamagitan ng pagsasabi ng ***assalaamu `alaykum wa rahmatullaah*** (السلام عليكم ورحمة الله) habang lumilingon sa kanan at pagkatapos ay lumingon naman sa kaliwa habang sinasabi rin ang gayon. (larawan 8-9)

## Salatul Maghrib*

1. Sa pagsagawa ng *salatul maghrib*, gawin ang katulad ng ginagawa sa *salatul fajr*, mula sa bilang (1) hanggang sa bilang (15).

2. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikalawang *rak`ah* ay sabihin ang ***Allaahu akbar*** habang itinataas ang katawan at ulo at manatiling nakaupo nang pag-upong *iftirash* (larawan 5-6-7). Bigkasin nang tahimik ang unang *Tashahhud*:

***attahiyaatu lillaahi was salawaatu wat tayyibaat, assalaamu `alayka ayyuhan nabeeyu wa rahmatullaahi wa barakaatuh, assalaamu `alaynaa wa `alaa `ibaadil lahis saaliheen, ash'hadu allaa ilaaha illallaah, wa ash'hadu anna muhammadan `abduhu wa rasooluh.***

Dito nagtatapos ang ikalawang *rak`ah*.

3. Tumayo upang isagawa ang ikatlo at huling *rak`ah*. Habang tumatayo ay sinasabi ang ***Allaahu akbar*** at itinataas na pantay sa balikat o tainga ang mga nakabukas na kamay. Kapag nakatayo na

***Kapag nagsasagawa ng *salah* na kasama ng Imam (nangunguna sa *salah*), huwag nang bumigkas ng kahit anong talata ng Qur'an. Sapat na lamang na bigkasin nang tahimik ang *suratul fatihah* matapos na ito ay bigkasin ng Imam.**

ay ilagay sa dibdib ang mga kamay at gawin ang katulad sa ginawa mula sa bilang (6) hanggang sa katapusan ng bilang (13), maliban sa bilang (7).

4. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikatlong *rak`ah* ay sabihin ang ***Allaahu akbar*** habang itinataas ang katawan at ulo. Manatiling nakaupo nang pag-upong *tawarruk** (larawan 10) at bigkasin nang tahimik ang una at ikalawang *Tashahhud.*

Unang *Tashahhud*:

***attahiyaatu lillaahi was salawaatu wat tayyibaat, assalaamu `alayka ayyuhan nabeeyu wa rahmatullaahi wa barakaatuh, assalaamu `alaynaa wa `alaa `ibaadil lahis saaliheen, ash'hadu allaa ilaaha illaallah, wa ash'hadu anna muhammadan `abduhu wa rasooluh.***


Ikalawang ***Tashahhud***:

***Allaahumma salli `alaa muhammadin wa `alaa aali muhammad, kamaa sallayta `alaa ibraaheema wa `alaa aali ibraaheem, innaka hameedum majeed, wa baarik `alaa muhammadin wa `alaa aali muhammad, kamaa baarakta `alaa ibraaheema wa `alaa aali ibraaheem, innaka hameedum majeed. a`oodhu billaahi min `adhaabi jahannama wa min `adhaabil qabri wa min fitnatil mahyaa wal mamaat, wa min fitnatil maseehid dajjaal.***

5. Isagawa ang *tasleem* sa pamamagitan ng pagsasabi ng ***assalaamu `alaykum wa rahmatullaah*** habang lumilingon sa kanan at pagkatapos ay lumingon naman sa kaliwa habang sinasabi rin ang gayon. (larawan 8-9)

*Ang pag-upong *tawarruk* ay ganito: nakatukod ang kanang paa, nakalagay ang kaliwang paa sa ilalim ng kanang lulod, nakasayad sa lapag ang kaliwang pigi at ang tagiliran ng kaliwang hita, at nakapatong ang mga kamay sa hita malapit sa tuhod. Ang pag-upong *tawarruk* ay ang pinakamainam na pag-upo para sa kanino mang may kakayahing gawin ito.






**Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Salah**

## Ang mga Natitirang *Salah* (Ang *Salatud Dhuhr, Salatul Asr, Salatul 'Isha*)

1. Sa pagsagawa ng alin man sa tatlong *salah*, gawin ang katulad ng ginagawa sa *salatul fajr*, mula sa bilang (1) hanggang sa bilang (15).

2. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikalawang *rak`ah* ay sabihin ang ***Allaahu akbar*** habang itinataas ang katawan at ulo at manatiling nakaupo nang pag-upong *iftirash* (larawan 5-6-7). Bigkasin nang tahimik ang unang *Tashahhud*:

***attahiyaatu lillaahi was salawaatu wat tayyibaat, assalaamu `alayka ayyuhan nabeeyu wa rahmatullaahi wa barakaatuh, assalaamu `alaynaa wa `alaa `ibaadil lahis saaliheen, ash'hadu allaa ilaaha illallaah, wa ash'hadu anna muhammadan `abduhu wa rasooluh.***

Dito nagtatapos ang ikalawang *rak`ah.*

3. Tumayo upang isagawa ang ikatlong *rak`ah*. Habang tumatayo ay sinasabi ang ***Allaahu akbar*** at itinataas na pantay sa balikat o tainga ang mga nakabukas na kamay. Kapag nakatayo na ay ilagay sa dibdib ang mga kamay at gawin ang katulad sa ginawa mula sa bilang (6) hanggang sa katapusan ng bilang (13), maliban sa bilang (7). Pagkatapos nito ay nakumpleto na ang ikatlong *rak`ah*.

4. Tumayo upang isagawa ang ikaapat na *rak`ah*. Habang tumatayo ay sinasabi ang ***Allaahu akbar***. Kapag nakatayo na ay ilagay sa dibdib ang mga kamay at gawin ang katulad sa ginawa mula sa bilang (6) hanggang sa katapusan ng bilang (13), maliban sa bilang pito (7).

5. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikaapat na *rak`ah* ay sabihin ang ***Allaahu akbar*** habang itinataas ang katawan at ulo. Manatiling nakaupo nang pag-upong *tawarruk* (larawan 10) at bigkasin nang tahimik ang una at ikalawang *Tashahhud*.

Unang *Tashahhud*:

***attahiyaatu lillaahi was salawaatu wat tayyibaat, assalaamu `alayka ayyuhan nabeeyu wa rahmatullaahi wa barakaatuh,***



***assalaamu `alaynaa wa `alaa `ibaadil lahis saaliheen, ash'hadu allaa ilaaha illallaah, wa ash'hadu anna muhammadan `abduhu wa rasooluh.***

Ikalawang *Tashahhud*:

***Allaahumma salli `alaa muhammadin wa `alaa aali muhammad, kamaa sallayta `alaa ibraaheema wa `alaa aali ibraaheem, innaka hameedum majeed, wa baarik `alaa muhammadin wa `alaa aali muhammad, kamaa baarakta `alaa ibraaheema wa `alaa aali ibraaheem, innaka hameedum majeed. a`oodhu billaahi min `adhaabi jahannama wa min `adhaabil qabri wa min fitnatil mahyaa wal mamaat, wa min fitnatil maseehid dajjaal.***

6. Isagawa ang *tasleem* sa pamamagitan ng pagsasabi ng ***assalaamu `alaykum wa rahmatullaah*** habang lumilingon sa kanan at pagkatapos ay lumingon naman sa kaliwa habang sinasabi rin ang gayon (larawan 8-9).

## Ang mga *Dhikr* Pagkatapos ng Limang *Salah*

***astaghfirullaah*** (3x)

Patawarin mo po ako Allah.

***allaahumma antas salaamu wa minkas salaam, tabaarakta yaa dhal jalaali wal ikram***

O Allah, Ikaw po ang Walang kapintasan at sa Iyo po nagmumula ang kapayapaan, Ikaw po ay pakabanalin, Ikaw na karapat-dapat sa pagpipitagan at pagpaparangal.

***laa ilaaha illallah, wahdahu laa shareeka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa `alaa kulli shay'in qadeer***

Walang ibang diyos maliban pa kay Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Sa Kanya lamang ang paghahari at sa Kanya lamang nauukol ang pagpupuri. At Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

***laa hawla wa laa qoowata illaa billaah***

Walang lakas at walang kapangyarihan kundi sa pamamagitan ni Allah.

***laa ilaaha illallaah, wa laa na`budu illaa iyyaah, lahun ni`matu wa lahul fadlu wa lahuth thanaa ulhasan, laa ilaaha illallaah, mukhliseena lahud deena wa law karihal kaafiroon***

Walang ibang diyos maliban pa kay Allah, at wala tayong iba pang sinasamba kundi Siya lamang. Angkin Niya ang pagpapala at angkin din Niya ang biyaya at sa Kanya lamang nauukol ang mainam na papuri. Walang ibang diyos maliban kay Allah, manalangin kayo nang tapat sa Kanya, sa Kanya lamang ang pagtalima, kasuklaman man ito ng mga hindi sumasampalataya.

***Allaahumma laa maani`a lima a`tayta, wa laa mu`tiya lima mana`ta, wa laa yanfa`u dhal jaddi minkal jadd***

O Allah, wala pong makapipigil sa Iyong pagkakalooban at wala pong makapagbibigay kapag pinigilan Mo. At hindi po makapagbibigay ng kapakinabangan sa taong may magandang kapalaran ang magandang kapalaran sapagkat sa Iyo po ito nagmumula.

Pagkatapos ng *salah* sa *fajr* at *maghrib* ay makabubuting ulitin nang sampung beses ang sumusunod:

***laa ilaaha illallaah, wahdahu laa shareeka lah, lahul mulku wa lahul hamd, yuhyee wa yumeetu, wa huwa `alaa kulli shay'in qadeer.***

Walang ibang diyos maliban pa kay Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Sa Kanya lamang ang paghahari at sa Kanya lamang nauukol ang pagpupuri. Siya ang nagbibigay at bumabawi ng buhay. At Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

***subhaanallaah*** (3x)

Kaluwalhatian kay Allah.

***alhamdu lillah*** (3x)

Ang papuri ay nauukol kay Allah.



***Allahu akbar*** (3x)

Si Allah ay Dakila.

***laa ilaaha illallaah, wahdahu laa shareeka lah, lahul mulku wa lahul hamd, yuhyee wa yumeetu, wa huwa `alaa kulli shay'in qadeer.***

أستغفر الله، أستغفر الله، أستغفر الله. أللهم أنت السلام ومنك السلام تباركت ياذا الجلال والإكرام. لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على كل شيء قدير. لا حول ولا قوة إلا بالله. لا إله إلا الله ولا نعبد إلا إياه، له النعمة وله الفضل وله الثناء الحسن. لا إله إلا الله مخلصين له الدين ولو كره الكافرون. أللهم لا مانع لما أعطيت ولا معطي لما منعت ولا ينفع ذا الجد منك الجد. سبحان الله، الحمد لله، الله أكبر. لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على كل شيء قدير.

Bigkasin ang ayatul kursee:

***Allaahu laa ilaaha illaa huwal hayyul qayyoom,***
***laa ta'khudhuhu sinatuw wa laa nawm,***
***lahoo maa fis samawaati wa maa fil ard,***
***man dhal ladhee yashfa`u `indahu illaa bi'idhnih,***
***ya`lamu maa bayna aydeehim wa maa khalfahum,***
***wa laa yuheetoona bishay'im min `ilmihi illaa bimaa shaa',***
***wasi`a kurseeyuhus samawaati wal ard,***
***wa laa ya'ooduhu hifdhuhumaa, wa huwal `aleeyul `adheem.***

Si Allah – walang ibang Diyos kundi Siya – Ang Buhay, Ang Walang kamatayang Tagapag-aruga ng lahat. Hindi Siya natatangay ng antok ni ng pagkatulog. Kanya ang anumang nasa mga langit at nasa lupa. Sino nga ba ang makapamamagitan sa Kanya kung walang kapahintulutan Niya? Nalalaman Niya ang kanilang kasalukuyan at ang kanilang nakaraan; at hindi nila matatalos ang anuman sa Kanyang kaalaman maliban sa Kanyang loobin. Saklaw ng Kanyang luklukan ang mga langit at ang lupa; at hindi Siya napapagod sa pangangalaga ng mga ito. At Siya Ang Kataas-taasan, Ang Dakila.

الله لا إله إلا هو الحى القيوم لا تأخذه سنة ولا نوم له ما في السماوات وما في الأرض من ذا الذى يشفع عنده إلا بإذنه يعلم ما بين يديهم وما خلفهم ولا يحيطون بشيء من علمه إلا بما شاء وسع كرسيه السماوات والأرض ولا يأوده حفظهما وهو العلى العظيم

Bigkasin ang *sooratul ikhlaas*, *sooratul falaq*, at *sooratun naas** nang tag-iisang beeses pagkatapos ng *salah* sa *dhuhr*, *`asr*, at *`isha'* at tigtatatlong beses pagkatapos ng *salah* sa *maghrib* at *fajr*.

## *Sooratul Ikhlaas*

***(bismillaahir rahmaanir raheem), qul huwal laahu ahad, allaahus samad, lam yalid wa lam yoolad, wa lam yakul lahoo kufuwan ahad.***

Sa ngalan ni Allah, Ang Puspos ng awa, Ang Maawain.

1. Sabihin: Siya si Allah ang nag-iisa.
2. Si Allah Ang Dulugan (sa mga pangangailangan).
3. Hindi Siya nagka-anak at hindi Siya ipinanganak.
4. At walang anumang katulad sa Kanya.

بسم الله الرحمن الرحيم

قل هو الله أحد ۝ الله الصمد ۝ لم يلد ولم يولد ۝ ولم يكن له كفوا أحد ۝

*Ang alin man sa tatlong *surah* na ito pati na ang *ayatul kursee* ay maaaring bigkasin pagkatapos ng *suratul fatihah* sa una at ikalawang *rak`ah* kung ang nagsasagawa ng *salah* ay nag-iisa o kung siya ang Imam.



## *Sooratul Falaq*

***(bismillaahir rahmaanir raheem), qul a`oodhu birabbil falaq, min sharri maa khalaq, wa min sharri ghaasiqin idhaa waqab, wa min sharrin naffaathaati fil `uqad, wa min sharri haasidin idhaa hasad.***

Sa ngalan ni Allah, Ang Puspos ng awa, Ang Maawain.

1. Sabihin: Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng bukang-liwayway,
2. Laban sa kasamaan ng Kanyang nilikha,
3. At laban sa kasamaan ng gabi kapag lumaganap na ang kadiliman nito,
4. At laban sa kasamaan ng mga mangkukulam na umiihip sa mga buhol ng tali,
5. At laban sa kasamaan ng naiinggit kapag ito ay nainggit.

بسم الله الرحمن الرحيم

قل أعوذ برب الفلق ۝ من شر ما خلق ۝ ومن شر غاسق إذا وقب ۝ ومن شر النفاثات في العقد ۝ ومن شر حاسد إذا حسد ۝

## *Sooratun Naas*

***(bismillaahir rahmaanir raheem), qul a`oodhu birabbin naas, maalikin naas, ilaahin naas, min sharril waswaasil khannaas, alladhee yuwaswisu fee sudoorin naas, minal jinnati wan naas.***

Sa ngalan ni Allah, Ang Puspos ng awa, Ang Maawain.

1. Sabihin: Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng sangkatauhan,
2. Na Hari ng sangkatauhan,
3. Na Diyos ng sangkatauhan,
4. Laban sa kasamaan ng bumubulong (na demonyo na nag-uudyok sa kasamaan) na nagkukubli (kapag si Allah ay ginugunita) –

5. Na bumubulong sa mga puso ng sangkatauhan –
6. Na kinabibilangan ng mga *jinn* at mga tao.

بسم الله الرحمن الرحيم

قل أعوذ برب الناس ۝ ملك الناس ۝ إله الناس ۝ من شر الوسواس

الخناس ۝ الذى يوسوس في صدور الناس ۝ من الجنة والناس ۝

## Ang mga Nakasisira sa *Salah*

1. Ang pagsasalita nang sadya kahit kaunti lamang,
2. Ang paglihis ng buong katawan sa pagkakaharap sa *qiblah*,
3. Ang pag-utot o paglabas sa katawan ng anumang bagay na nagiging dahilan kung bakit kailangan ang *wudu'* at *ghusl*,
4. Ang maraming sunod-sunod na paggalaw na hindi naman talagang kailangan,
5. Ang pagtawa kahit kaunti lamang,
6. Ang sadyang pagsasagawa ng sobrang pagyukod o pagtayo o pagpapatirapa o pag-upo, at
7. Ang sadyang pangunguna sa Imam.

## Ang mga *Wajib* (Obligado) na Gawain sa *Salah*

1. Ang pagsabi ng *takbeer* (***Allaahu akbar***) maliban pa sa *takbeeratul ihraam*,
2. Ang pagsabi ng ***subhaana rabbiyal `adheem*** habang nakayukod,
3. Ang pagsabi ng ***subhaana rabbiyal a`laa*** habang nakapatirapa,
4. Ang pagsabi ng ***sami` Allahu liman hamidah*** para sa mag-isang nagsasagawa ng *salah* at para sa Imam,
5. Ang pagsabi ng ***rabbanaa wa lakal hamd*** pagkatapos yumukod,
6. Ang pagsabi ng ***rabbighfir lee*** sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa,
7. Ang pagbigkas ng unang *tashahhud*, at
8. Ang pag-upo para sa unang *tashahhud*.



## Ang mga *Rukn* (Saligan) ng *Salah*

1. Ang pagtayo hanggang makakaya,
2. Ang pagsabi ng *takbeeratul ihraam* o panimulang *takbeer*,
3. Ang pagbabasa ng *al-faatihah* sa bawat *rak'ah*
4. Ang pagyukod,
5. Ang pagbangon sa pagkakayukod,
6. Ang pagtindig,
7. Ang pagpapatirapa,
8. Ang pagbangon mula sa pagpapatirapa,
9. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa,
10. Ang kapanatagan,
11. Ang ikalawang *tashahhud*,
12. Ang pag-upo para sa ikalawang *tashahhud*,
13. Ang pagsabi ng ***assalaamu `alaykum wa rahmatullaah***, at
14. Ang pagkakasunod-sunod.

## Ang *Sujudus Sahw*

Ang *sujudus sahw* ay dalawang karagdagang *sujud* (pagpapatirapa) na ginagawa bago o matapos magsagawa ng *tasleem* kapag **nagkamali** o **nagdudang nagkamali** sa pagsasagawa ng *salah*. Ganito ang pagsasagawa nito: habang nakaupo ay magpatirapa at sabihin ang ***subhana rabbiyal a`laa*** (3x), iangat ang ulo kasama ng katawan para maupo at sabihin ang ***rabbighfir lee war hamanee wahdinee warzuqnee wajburnee wa `aafinee***, muling magpatirapa at sabihin ang ***subhana rabbiyal a`laa wa bihamdih*** (3x), at muling iangat ang ulo kasama ng katawan para maupo.

Kapag nagkamali ang Imam, tungkulin ng mga pinamumunuan niya na siya ay paalalahanang nagkamali sa pamamagitan ng pagsabi ng ***subhaanallaah***.

1. Kapag ang isa sa mga ***wajib*** ng *salah* ang nakaligtaang gawin at naalaala o napaalalahan na gawin iyon, magsasagawa ng *sujudus sahw* bago magsagawa ng *tasleem*.

2. Kapag ang isa sa mga ***wajib* sa *salah*** o isa sa mga ***rukn* ng *salah* ang nagawa nang labis** at naalaala o napaalalahan na ginawa iyon, matapos magsagawa ng *tasleem* ay magsasagawa ng *sujudus sahw* at saka muling magsasagawa ng *tasleem*.

3. Kapag ang isa sa mga *rukn* ng *salah* **ang nakaligtaang gawin** at naalaala o napaalalahan na gawin iyon, kailangang balikan iyon at isagawa upang maging tanggap ang *salah* at saka magsagawa ng *sujudus sahw* bago magsagawa ng *tasleem*.

4. Kapag nagsagawa ng *tasleem* bago tuluyang nakumpleto ang mga *rak`ah* ng *salah* at naalaala o napaalalahan nang maaga tungkol doon; isasagawa ang nakaligtaang *rak`ah*, magsasagawa ng *tasleem* pagkatapos niyon, magsasagawa ng *sujudus sahw*, at muling magsasagawa ng *tasleem*. Halimbawa: dalawang *rak`ah* pa lamang ng *salah* sa *`asr* ang natapos ngunit nagsagawa na ng *tasleem* sa pag-aakalang natapos na ang apat na *rak`ah*, kapag naalaala o napaalalahan nang maaga tungkol doon ay isasagawa ang dalawang nakaligtaang *rak`ah*, magsasagawa ng *tasleem* pagkatapos niyon, magsasagawa ng *sujudus sahw*, at muling magsasagawa ng *tasleem*.

5. Kapag nagdududa kung ilan ang *rak`ah* ng *salah* na natapos – halimbawa'y kung dalawa ba o tatlong *rak`ah* na ang natapos sa *salah* sa *dhuhr* – ang pipiliin ay ang pinakamababang bilang ng *rak`h*. Kaya batay sa ating halimbawa ay ituturing na dalawang *rak`ah* ang natapos. Ipagpapatuloy ang pagsasagawa ng *salah* at magsasagawa ng *sujudus sahw* bago magsagawa ng *tasleem*.

6. Kapag nagduda kung ilan ang *rak`ah* ng *salah* na nagawa – halimbawa'y kung dalawa ba o tatlong *rak`ah* na ang natapos sa *salah* sa *`isha'* – ngunit kung mas matimbang sa palagay na tatlong *rak`ah* ang natapos, ituturing na tatlong *rak`ah* ang natapos. Ipagpapatuloy ang pagsasagawa ng *salah*. At pagkatapos magsasagawa ng *tasleem* ay magsasagawa ng *sujudus sahw* at muling magsasagawa ng *tasleem*.



## Ang Nahuli sa *Salah*

Ang umpisa nang nahuli sa *salah* ay ang *rak`ah* na naabutan kasama ng Imam. Naaabutan ang isang *rak`ah* ng *salah* kapag naabutan ang pagyukod sa *rak`ah* ng *salah* na iyon kasama ng Imam. Subalit kung hindi naabutan kasama ng Imam ang pagyukod sa *rak`ah* na iyon, hindi na naabutan ang buong *rak`ah* o yunit ng *salah* na iyon. Ang dumating nang huli ay dapat na lumahok sa *jama`ah* maging anuman ang kanilang posisyon – nakatayo o nakayukod o nakapatirapa man sila o maging ano pa man ang ginagawa nila. Bago sumabay ay isagawa muna ang *takbeeratul ihraam* habang nakatayo maliban na lamang kung may dahilang hindi tumayo gaya ng isang taong may karamdaman. Pagkatapos magsagawa ng *tasleem* ng Imam ay tumayo, huwag magsagawa ng *tasleem*, kung may *rak`ah* o mga *rak`ah* na hindi naabutan. Halimbawa ay mayroong isang *rak`ah* na hindi naabutan sa *salah* sa *dhuhr*, pagkatapos magsagawa ng *tasleem* ng Imam ay tatayo upang gawin ang isang *rak`ah* na hindi naabutan sapagkat ang isinagawang *salah* kasama ng Imam ay tatlong *rak`ah* lamang.

## Mga Uri ng *Salah*

### 1. Ang *Fard* na *Salah*

Ang *salah* na *fard* ay obligadong *salah*. Ang bawa't mananampalataya ay inaatasan ni Allah na gampanan ang limang obligadong *salah*. Ang pag-iwas at hindi pagtupad sa tungkuling magsagawa ng *salah*, kahit isa man lamang sa limang obligadong *salah* ay isang malaking kasalanan at may katapat na kaparusahan.

### 2. Ang mga *Sunnah Raatibah*

Ang *salah* na *sunnah* ay kusang-loob na ginagampanan, hindi obligado, at ginagawa noon ni Propeta Muhammad (SAS) bago o matapos gawin ang obligadong *salah*. Ang *salah* na ito ay tinatawag din na *ratibah* o *nafl*. Ginagawa niya rin ito sa mga natatangi at pambihirang pagkakataon. Ang *salah* na *sunnah* ay binubuo ng dalawang *rak`ah* at ginagawang katulad ng *fajr*, kaya

nga lamang ay hindi binibigkas nang malakas ang *suratul fatihah* at ang mga talata ng Qur'an.

Kung hindi naglalakbay, kanais-nais para sa bawat Muslim at Muslimah na panatilihin ang pagsagawa ng anim na *salah* na *sunnah raatibah* na binubuo ng dalawang *rak'ah*: dalawang *sunnah raatibah* bago isagawa ang *salah* sa *dhuhr* at isang *sunnah raatibah* pagkatapos nito, isang *sunnah raatibah* pagkatapos ng *salah* sa *maghrib*, isang *sunnah raatibah* pagkatapos ng *'isha'*, at isang *sunnah raatibah* bago isagawa ang *salah* sa *fajr*. Ang mga gawaing ito ay ginagawa noon ng Propeta (SAS). Ang sabi niya (SAS): **"Ang sinumang kusang loob na nagsasagawa ng labindalawang *rak`ah*** (ang ibig niyang sabihin ay anim na *salah* na binubuo ng tigdadalawang *rak`ah*.) **sa kanyang araw at sa kanyang gabi, siya ay gagawan ng bahay sa paraiso."**

Itinatagubilin din sa lahat ng Muslim na isagawa ang isa pang *sunnah raatibah* na kung tawagin ay *witr* na ang takdang oras ay nasa pagitan ng pagkatapos ng pagsasagawa ng *salah* sa *'isha* hanggang sa bago sumapit ang *fajr*. Ang *witr* at ang *sunnah raatibah* bago ang *fajr* ay ilan sa mga *sunnah raatibah* na hindi kinaliligtaang isagawa ng Propeta (SAS) maging siya man ay naglalakbay o hindi. Ang *salatul witr* ay isang *salah* na hiwalay sa ibang *salah*. Ito ay maaaring gawin sa ano mang oras pagkatapos ng *'isha* hanggang sa pagsapit ng bukang-liwayway. Maaaring ito ay isang *rak`ah* lamang subalit puwede ring **3** o **5** o **7** o **9** na *rak`ah*. Ang lahat ng bilang na ito ay sinang-ayunan ni Propeta Muhammad (SAS) gaya ng isinasaad ng mga Hadeeth.

### 3. Ang *Salatul Jum`ah*

Ang *salatul jum`ah* ay binubuo ng dalawang *rak`ah* na pinangungunahan ng isang Imam, idinadaos sa Masjid tuwing biyernes, sa oras ng *dhuhr* pagkatapos ng *khutbah* o sermon. Sa sandaling mag-umpisa na ang *khutbah*, ang lahat ay kinakailangang makinig nang tahimik.



Kung dumating nang huli sa Masjid, at ang naabutan na lamang ay isang *rak`ah*, kinakailangang kumpletuhin ang natitirang *rak`ah*. Kung huling-huli na nang dumating at hindi na naabutan ang ikalawang pagyukod o ang *salatul jum`ah* mismo, kailangang magsasagawa na lamang ng *salah* na *dhuhr* na binubuo ng apat na *rak`h*.

Ang *salatul jum`ah* ay kapalit ng *dhuhr*, kaya nga lamang ay binibigkas nang malakas ng Imam ang *suratul fatihah* at ang mga talata ng Qur'an.

### 4. Ang *Salah* ng *Musafir*

Ang isang tao ay itinuturing na *musafir* kung siya ay pumunta sa isang lugar na ang layo sa kanyang tirahan ay hindi bababa sa walumpung kilometro. Ipinahihintulot at itinatagubilin sa kanya na paikliin ang kanyang *salah* na binubuo ng tig-aapat na *rak`ah*: ang *dhuhr*, *`asr*, at *'isha'*. Maaari rin niyang pagsamahin ang *dhuhr* at *'asr*, ang *maghrib* at *'isha*, kung talagang kaiiangan. Subalit kung hindi rin lamang naman talagang kailangan, at hindi rin makabibigat sa paglalakbay, mas mabuting huwag na lamang pagsamahin ang mga *salah*. Kung ang isang *musafir* ang siyang Imam ng *salah*, mas mainam na paikliin niya ang kanyang *salah*. At gayundin ang dapat gawin ng mga taong pinangungunahan niya sa *salah* na mga *musafir* din na katulad niya, paiikliin din nila ang kanilang *salah*. Ang mga pinangungunahan naman na mga hindi *musafir* ay tatayo pagkatapos magsagawa ng *tasleem* ang Imam para magpatuloy upang kumpletuhin ang mga natitirang *rak`ah*. Kung ang isang *musafir* ay sumama lamang sa *salah* na pinangungunahan ng hindi *musafir*, hindi niya maaaring paikliin ang kanyang *salah*, at kailangang sumabay siya sa kanilang *salah*. Kung gusto niyang tumigil pansamantala nang hindi hihigit sa tatlong araw at gabi sa ibang bayan na ang layo mula sa kanyang bayan ay walumpung kilometro o higit pa, maaari rin niyang paikliin at pagsamahin ang mga *salah*. Subalit kung naririnig niya

ang *adhan* (Panawagan ng pagsasagawa ng *salah*) sa naturang bayan, kailangang gawin niya ang *salah* sa Masjid.

Kung hindi tiyak ng *musafir* kung ilang araw siyang mamamalagi sa ibang bayan, maaari niyang paikliin ang kanyang *salah* hanggang hindi siya nakababalik sa kanyang bayan. Mas mabuting hindi na rin niya gawin ang mga *sunnah* na *salah*, na ginagawa bago o matapos ang bawat obligadong *salah*, maliban sa dalawang *rak`ah* na *sunnah*, na ginagawa bago isagawa ang *fajr*. Ang *salatul witr* ay dapat ding gawin kahit naglalakbay sapagkat ginagawa ito noon ng Propeta (SAS) kapag siya ay naglalakbay.

## Ang Pagsasama at Pagpapaikli ng mga *Salah*

Tulad nga ng nabanggit, maaaring pagsamahin ang mga *salah*. May dalawang uri ng pagsasama ng *salah*: ang *taqdeem* (pagpapauna) at ang *ta'kheer* (pagpapaliban). Ang *taqdeem* ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagsasagawa kaagad ng *`asr* pagkatapos ng *dhuhr* sa oras ng *dhuhr* at ng *`isha'* pagkatapos ng *maghrib* sa oras ng *maghrib*. Ang *ta'kheer* ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagpapaliban ng pagsasagawa ng *dhuhr* upang isagawa sa oras ng *`asr* bago isagaw ang *`asr* at pagpapaliban ng pagsasagawa ng *maghrib* upang isagawa sa oras ng *`isha'* bago isagawa ang *`isha'*. Ang pagsasama ng *salah* ay karaniwang ginagawa kapag may-ulan at mahirap ang pagpunta sa Masjid. Pinagsasama rin ang mga *salah* kapag ang isang ay isang *musafir* at maaari pa niya itong paikliin.

Ang pagpapaikli ng *salah* ay ginagawa lamang kapag ang isinasagawang *salah* ay ang *salah* ng *musafir* na ating tinalakay. Ang pinaikling anyo ng *dhuhr*, *`asr*, at *`ish'a* ay binubuo ng tigdadalawang *rak`ah*. Ang *maghrib* ay hindi maaaring paikliin. Ang *fajr* ay hindi rin maaaring paikliin o isama sa alin mang *salah* ni ipagpaliban kapag oras nang gawin ito.



## Ang Pagsasasagawa ng *Taharah* *ng* May-sakit

1. Ang taong may-sakit ay obligado pa ring magsagawa *wudu'* o *ghusl* kung kinakailangan.
2. Kung hindi maaaring gumamit ng tubig sanhi ng kahinaan o pangamba na baka lumala o maantala ang paggaling ng sakit, maaaring magsagawa ng *tayammum*.
3. Kung hindi kaya ng may-sakit na magsagawa ng *taharah*, maaaring ang ibang tao ang magsagawa ng *wudu'* o *tayammum* para sa kanya.
4. Kailangang hugasan pa rin ang bahagi ng katawan na may sugat kung ang bahaging iyon ay kailangang hugasan. Subalit kung ang paghuhugas sa bahaging iyon ay makasasama sa isang may-karamdaman, kailangang haplusin na lamang iyon ng basang kamay. Kung ang paghahaplos sa bahaging iyon ay makasasama pa rin, kailangang magsagawa ng *wudu'* na gaya ng sa karaniwan pero hindi na huhugasan o hahaplusin ng basang kamay ang bahaging iyon. At pagkatapos magsagawa ng *wudu'* ay kinakailangan magsagawa pa ng *tayammum*.
5. Ang bendahe ng pilay o sugat ay kailangang haplusin lamang ng basang kamay sa halip na hugasan pa kapag magsasagawa ng *wudu'*.
6. Ang katawan o mga kasuutan o lugar na pagdarasalan ay kailangang malinis at walang *najasah* (karumihan). Kung ang alin man sa mga nabanggit ay nagkaroon ng *najasah*, kailangang linisin ito bago magsagawa ng *salah*. Kung hindi kayang linisin o alisin ang *najasah*, maaari pa ring magsagawa ng *salah*.
7. Ang *salah* ay dapat gawin sa takdang oras nito at hindi dapat ipagpaliban dahilan lamang sa hindi makapagsagawa ng *wudu'*. Sa halip ay dapat pang sikapin na magsagawa ng *wudu'* sa abot ng makakaya. At kahit na may *najasah* pa sa damit na hindi maalis, kailangang magsagawa pa rin ng *salah*.

## Ang Pagsasagawa ng *Salah ng* May-sakit

1. Ang may-sakit ay nararapat na magsagawa ng *salah* na nakatayo, kahit pa nakabaluktot ang likod o nakasandal sa dingding o nakahawak sa tungkod.

2. Kung hindi kayang tumayo, maaari magsagawa ng *salah* na nakaupo.

3. Kung hindi kayang magsagawa ng *salah* na nakaupo, maaaring magsagawa ng *salah* na nakahiga na nakatagilid at nakaharap sa *qiblah*. Mas mainam kung ang kanang tagiliran ng katawan ang siyang nakalapat sa higaan o lapag. Kung hindi magawang humarap sa *qiblah*, maaari pa ring magsagawa ng *salah* kahit saan man nakaharap.

4. Kailangang magsagawa ng pagyukod at pagpapatirapa ang may-sakit kapag nagsasagawa ng *salah*. Subalit kung hindi kayang magsagawa ng pagyukod at pagpapatirapa, iyuyuko na lamang niya ang kanyang ulo bilang tanda ng pagyukod at pagpapatirapa. Ang pagyuko ng ulo bilang tanda ng pagpapatirapa ay kailangang mas mababa kaysa pagyuko ng ulo bilang tanda ng pagyukod. Kung kayang magpatirapa ngunit hindi kayang yumukod, magpapatirapa para sa pagpapatirapa at iyuyuko naman ang ulo bilang tanda ng pagyukod. Kung kayang yumukod ngunit hindi kayang magpatirapa, yuyukod para sa yukod at iyuyuko naman ang ulo bilang tanda ng pagpapatirapa.

5. Kung hindi kayang iyuko ang ulo bilang tanda ng pagyukod at pagpapatirapa, maaaring ipahiwatig iyon sa pamamagitan ng mata. Pipikit nang bahagya bilang tanda ng yukod at pipikit nang higit pa bilang tanda naman ng pagpapatirapa. Ang pagpapahiwatig sa pamamagitan ng daliri bilang tanda ng pagyukod at pagpapatirapa ay walang batayan sa Islam.

6. Kung hindi kayang iyuko ang ulo o ipikit ang mata bilang tanda ng pagpapatirapa at pagyukod, kailangang magsagawa ng *salah* sa pamamagitan ng isipan. Bibigkasin ang ***Allaahu akbar***, at ang



mga kinakailangang bigkasin, at isasaisip naman ang mga gawain at kilos sa *salah* gaya ng pagpapatirapa, pagyukod, at iba pa.

7. Kailangang gawin ng may-sakit ang bawat *salah* sa tamang oras at kailangan đin na gawin sa abot ng makakaya ang mga kinakailangang gawin sa *salah*. Subalit kung mahirap gawin ang bawat *salah* sa takdang oras nito, maaari pagsamahin ang *dhur* at *'asr*, at ang *maghrib* at *'isha'*. Maaaring gawin ang *taqdeem* o ang *ta'kheer*.

## Ang *Salatul Janazah*

Ang *salatul janazah* ay ang *salah* na isinasagawa para sa isang yumaong Muslim. Karapatan ng isang Muslim, kapag siya ay namatay, na dasalan ng ibang mga Muslim. Ang *salatul janazah* ay kailangang gawin sa *jama'ah* (kongregasyon) sapagkat mas malaki ang gantimpalang tatamuhin buhat kay Allah kapag ginawa ito. Maaari rin itong dasalin sa iba't-ibang kongregasyon. Ang bawat kongregasyon ay nararapat na binubuo ng pangkat ng mga taong iba kaysa ibang kongregasyon.

Ang bangkay ay ilalagay nang pahalang sa *qiblah*, sa harap ng Imam. Ang Imam o ang nangunguna sa *salah* ay tatayo sa gilid ng bangkay, sa tabi ng ulo at balikat kung ang patay ay isang lalake; at sa tabi ng baywang kung ang patay ay isang babae. Ang mga taong nagsisidalo naman ay nakatayong lahat sa likuran ng Imam. Ang *salatul janazah* ay ginagawa nang nakatayo mula sa umpisa hanggang sa katapusan.

Ganito ang pagsasagawa ng *salatul janazah*:

1. Bigkasin ang ***Allaahu akbar*** habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipantay sa balikat o tainga, at kaagad na ilagay sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.

2. Bigkasin ang *suratul fatihah*.

3. Pagkatapos ng *suratul fatihah*, muling bigkasin ang ***Allaahu akbar*** habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipantay sa

balikat o tainga, at kaagad na ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.

4. Bigkasin nang tahimik ang sumusunod:
***allaahumma salli `alaa muhammad, wa a`laa aali muhammad, kama sallayta `alaa ibraaheema wa `alaa aali ibraameem, innaka hammeedum majeed, wa baarik `alaa muhammad, wa a`laa aali muhammad, kama baarakta `alaa ibraaheema wa `alaa aali ibraameem, innaka hammeedum majeed***

5. Pagkatapos nito, muling bigkasin ang ***Allaahu akbar*** habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipantay sa balikat o tainga, at kaagad na ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.

6. Bigkasin ang panalanging ito:
***allaahum maghfir lihayyinaa wa mayyitinaa, wa shaahidinaa wa ghaa'ibinaa, wa sagheerinaa wa kabeerinaa, wa dhakarinaa wa unthaanaa, allaahumma man ahyaytahu minnaa fa ahyihee `alal islaam, wa man tawaffaytahu minnaa fatawaffahu `alal eemaan, allaahumma laa tahrimnaa ajrahu wa laa taftinaa ba`dah.***

(اللهم اغفر لحينا وميتنا وشاهدنا وغائبناوصغيرنا وكبيرنا وذكرنا وأنثانا، اللهم من أحييته منا فأحية على الإسلام، ومن توفيته منا فتوفه على الإيمان، اللهم لا تحرمنا أجره ولا تفتنا بعده.)

Ang kahulugan:

O Allah, patawarin Mo po ang mga nabubuhay pa sa amin at ang mga namatay na sa amin, ang mga naririto ngayon sa amin at ang mga wala ngayon sa amin, ang mga bata sa amin at ang mga matatanda sa amin, ang mga lalake sa amin at ang mga babae sa amin.

O Allah, ang hinayaan Mo pang mabuhay sa amin ay pamuhayin Mo po siya sa Islam. Ang babawian Mo po sa amin ng buhay ay bawian Mo po ng buhay na isang mananampalataya.


O Allah, huwag Mo po kaming pagkaitan ng bahagi sa kanyang gantimpala at huwag Mo po kaming ilagay sa pagsubok o hirap matapos na siya ay yumao.



7. Pagkatapos ng panalanging ito, muling bigkasin ang ***Allaahu akbar*** habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipantay sa balikat o tainga, at kaagad na ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.

8. Manatiling tahimik sa loob ng ilang segundo.

9. Ilingon ang mukha sa kanan habang binibigkas ang ***assalaamu `alaykum wa rahmatullaah***.



## Ang mga Kahulugan ng mga Panalangin

***Allaahu akbar*** **:**

Si Allah ay pinakadakila

***subhaanakal lahumma wa bihamdika wa tabaarakasmuka wa ta`aalaa jadduka wa laa ilaaha ghayruk*:**

O Allah, sumaiyo ang kaluwalhatian at ang pagpupuri, maluwalhati ang Iyong pangalan, kataastaasan ang Iyong karangalan sapagkat walang ibang diyos bukod pa sa Iyo.

***a`oodhu billaahi minash shaytaanir rajeem*:**

Ako ay nagpapakupkop kay Allah laban kay Satanas na isinumpa.

**Ang kahulugan ng *suratul fatihah*:**

1. Sa ngalan ni Allah, Ang Puspos ng awa, Ang Maawain.
2. Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng uri ng nilalang;
3. Ang Puspos ng awa, Ang Maawain;
4. Ang Naghahari sa Araw ng Paggagantimpala.
5. Ikaw po lamang ang aming sinasamba at Ikaw po lamang ang aming hinihingan ng tulong.
6. Patnubayan Mo po kami sa landas na tuwid;
7. Ang landas ng mga biniyayaan Mo, hindi (ang landas) nilang mga kinagalitan mo at hindi (ang landas) ng mga nangaligaw.

***subhaana rabbiyal `adheem*:.**

Kaluwalhatian sa aking Panginoon na Pinakadakila.

***sami` Allaahu liman hamidah*:**

Dinidinig ni Allah ang sino man na nagpupuri sa Kanya.

***rabbanaa wa lakal hamd, mil'as samawaati wa mil'al ardi wa mil'a maa shi'ta min shay'im ba`d*:**

Panginoon namin, sa Iyo po lamang nauukol ang mga pagpupuring pumupuno sa mga langit at pumupuno sa lupa at pumupuno sa ano mang bagay na naisin Mo.

***subhaana rabbiyal a`laa*:**



Kaluwalhatian sa aking Panginoong Kataastaasan.

***rabbighfir lee warhamnee wahdinee warzuqnee wajburnee wa `aafinee*:**

Panginoon ko, ako po ay Iyong patawarin; ako po ay iyong kaawaan; ako po ay Iyong patnubayan; ako po ay Iyong tustusan sa aking mga pangangailangan; ako po ay Iyong aliwin; at ako po ay iyong pagalingin.

**Ang kahulugan ng unang *tashahhud*:**

Ang mga pagbati, mga dasal, at mga mabubuting bagay sa buhay ay kay Allah. Sumaiyo ang kapayapaan, o Propeta at gayon din ang habag at mga pagpapala ni Allah. Ang kapayapaan ay mapasaamin at mapasakanila na mga matutuwid na lingkod ni Allah. Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos maliban pa kay Allah, natatanging Siya lamang, wala Siyang katambal. At ako ay sumasaksi rin na si Muhammad ay Kanyang Sugo at Lingkod.

**Ang kahulugan ng ikalawang *tashahhud*:**

O Allah, pagpalain Mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak tulad ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati. Biyayaan Mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak tulad ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim at kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati. Ako ay nagpapakupkop kay Allah laban sa pasakit na matatamo sa Impiyerno at libingan at laban sa tukso ng buhay at kamataya at laban sa tukso ng bulaang Kristo.

***assalaamu `alaykum wa rahmatullaah*:**

Sumainyo ang kapayapan at awa ni Allah.

# مراجع الكتاب


١. رسائل في الطهارة والصلاة
الشيخ: محمد بن صالح العثيمين

٢. من الأحكام الفقهية في الطهارة والصلاة والجنائز
الشيخ محمد بن صالح العثيمين

٣. فقه السنة
سيد سابق

٤. منهاج المسلم
الشيخ أبو بكر الجزائري

٥. دليل الصلاة في الإسلام
د. محمد عبدالكريم شاقب

٦. الطهارة
د. جمال بدوي

٧. كيف تدخل في الإسلام
د. محمد الأشقر
ترجمة: عبدالوارث سعيد


## PHILIPPINE'S ISLAMIC CENTERS FOR NEW MUSLIMS

**ISLAMIC DA'WAH COUNCIL OF THE PHILIPPINES**
Suite 418, FUBC Bldg. Escolta, Manila Philippines
P.O.Box # 3669
Tel.: 479-229

**ISLAMIC DA'WAH & GUIDANCE CENTER**
Village Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. : 816-6678 Fax: 632-5089 Ext.18

**DARUL HIJRA FOUNDATION. INC.**
Suite 203, Ansa Bldg. 4704 Solchuaga St.
Pasong Tamo Cor. Kalayaan Ave.
Back of Maria Lourdes Hospital
Makati Metro Manila, Philippines
P.O.Box # 4106 MCPO
Telefax: 899-2052

**ISLAMIC WORLD COMMITTEE FOUNDATION,INC.**
Suite 307 Sison Mansion
2631 Rockfeller St. Corner Batangas
Makati Metro Manila, Philppines
P.O Box # 2900 MCPO 1269
Telefax : 812-8914 / 8872952 - 8872945

**INTERNATIONAL ISLAMIC RELIEF ORGANIZATION**
Heart Towers, Unit 101 and 201
Valero St. Salcedo Village
Makati metro Manila, Philippines
Tel. : 8131596 Fax: 8191652
By/ Shiekh Hamuod Al-Laahim (President)

**ISLAMIC STUDIES, CALL AND GUIDANCE (ISCAG-PHILIPPINES)**
Brgy. Salitran -, Dasmarinas, Cavite 1441, Philippines
Tel. : 416-3371 - 416-3629
By/ Bro. Ebrahim M. Mata (Director)

**LIPA ISLAMIC ASSOCIATION. INC.**
Brgy # 2-204 Interior Malvar St.
Lipa city 4217, Batangas, Philippines
By / Bro.Musa B. Santos (president)

**ISLAMIC WISDOM WORLDWIDE, INC.**
2 nd Floor Martinez Bldg.
ND Ave. Cotabato City 9600, Philippines
P.O. Box # 589
Tel. : 421-7248
By/ Bro.Haron Alempang (Representative)

**SHARIEF KABUNSUAN COLLEGE**
Bagua - 11 Cotabato City 9600, Philippines
By / Mrs. Kabaybay D. Abubakar (President)

**BALIK ISLAM DA' WAH FOUNDATION**
Super Market, Front of Melborn Hotel, Cotabato City 9600, Philippines
By / Bro. Esmail Timosa (President)

**NEW MUSLIM SOCIETY FOUNDATION, INC.**
Block 1, Biaca Compound Tacurong, Sultan Kudarat, Maguindanao, Philippines

**ASSOCIATION FOR ISLAMIC DEV'T.**
AID - INC.
Banali, Pagadian City, Philippines
P.O.Box # 1502
Tel. : 2141388 / 2142446
By / ShiekhEsmail Calalagan (President)

**ISLAMIC WISDOM WORLDWIDE ,**
Abaton Building
323 D Gunao St. Corner Globo De Oro St.
Quiapo Metro Manila 1001, Philippines
Tel. : 7341236